# *Ang Pinili ng Diyos na Dakong Sambahan*

Manatili tayong nakatayo pansumandali habang iniyuyuko natin ang ating mga ulo para sa panalangin. At ngayon, habang nakayuko ang ating mga ulo, at nagtitiwala ako na ang ating mga puso ay nakayuko, rin, ako'y nag—iisip kung ilan kaya sa nandirito ngayong gabi ang nagnanais na maalala sa panalangin, ng natatanging bagay? Maaari bang itaas lang ninyo ang inyong kamay, sabihin, "Diyos, ipagkaloob sa akin ngayong gabi kung ano ang aking hinahangad." Pagpalain kayo ng Panginoon.

2 Makalangit naming Ama, habang kami ngayon mapagkumbabang lumalapit dito sa dakilang Luklukan ng biyaya, sa pamamagitan ng pananampalataya, naililipat kami sa mga Ibayo; kung saan ang Diyos, at ang mga Anghel, at ang mga Kerubin, at lahat ng nangasa sa Sangkalangitan ay nangagtipon—tipon. Sapagkat Kaniyang sinabi na walang kahit isang maya ang mahuhulog sa lupa na hindi nalalaman nang Makalangit na Ama. Gaano pa kaya ang Kaniyang nalalaman dito kung saan daan—daang mga tao ay nakayuko ang kanilang mga ulo, at tumatawag sa Iyo para sa mga natatanging kahilingan. Ama, pagmasdan sa ibaba ang nangangailangang mundo ngayong gabi, sapagkat kami ay mga taong nangangailangan.

3 At dumadalangin ako, Diyos, na dahil sa na nagtipon kami dito at nagpapahayag sa Iyo ng aming pananampalataya sa isang buhay na Diyos Na sumasagot sa panalangin; kami ay nagsilabas mula sa mundo ng mga di—tuli, ng puso at mga tainga, nagsilabas upang mamuhay nang isang bukod na buhay, at mamuhay na may pagtatapat ng aming pananampalataya sa Iyo. Ngayong gabi itinaas namin ang aming mga kamay, at nagsasabing, "Kami'y nangangailangan." Mahal na Diyos, sagutin ang bawat isa sa kanilang mga kahilingan.

4 At gayon din, Ama, kami ay dumadalangin na Ikaw ay dumalaw sa amin ngayong gabi sa Salita. Kami naparito para sa pagtutuwid, para sa pagka—unawa, na sana aming malaman kung paano mabuhay sa kasalukuyang araw; kung ano ang tingnan sa hinaharap, kung ano ang gagawin. Dahil, ating alam ang Pagdating ng Panginoon ay nalalapit na, alinsunod sa lahat ng mga tanda na inihula ng mga propeta. Kami'y nalalapit na sa oras, Panginoon, kung kailan ang lubos na pagpapalaya ay ibibigay na sa Iyong mga anak. Diyos, hayaan kami, bawat isa,

na maparoon, Ama. Nawa ay walang isa mang mawawala. Iyan ang pakay kaya kami ay naririto, Panginoon. Kami nagmamahal sa Iyo, at kami'y nagsisumikap maghanda para sa oras na iyon.

5 Mangusap sa amin, kami'y humihiling muli, ngayong gabi. At pagalingin ang maysakit. Lahat ng maysakit at ang nagdadalamhati na nasa loob ng gusali, kami'y dumadalangin na pagagalingin Mo sila, Panginoon; at lalo na silang may mga espirituwal na pangangailangan. Kami'y dumadalangin na ililigtas Mo ang bawat nawawalang kaluluwa. Punuin Banal na Espiritu ang bawat mananampalataya. At papanumbalikin ang lakas at Kapangyarihan sa Iyong sumasampalatayang mga anak. Ipagkaloob ang mga bagay na ito, Ama. Kami'y humihingi ng marami, sapagkat Ikaw ang nagsabi sa amin na humingi, "humingi ng masagana, humingi ng mga malalaking bagay, marami sa kanila," upang ang aming kasiyahan sana'y magawa ng lubusan. At aming hinihiling ang mga bagay na ito sa Pangalan ni Jesus Cristo. Amen.

Maaari nang maupo.

6 Ako'y tiyaka na pinapalagay ito na isang malaking pribilehiyo ngayong gabi, na makabalik dito sa entablado muli, dito sa mataas na paaralang ito, upang harapin ang mabubuting mga taong ito na nangagkatipon upang marinig ang Ebanghelyo. Aking hiniling ang habag ng Diyos para tulungan ako na sabihin sa inyo ang Katotohanan hanggang sa nalalaman kong Katotohanan. Kanya pa rin maisara ang bibig ng isang tao, katulad ng pagsara Niya sa bibig ng isang leon. At kung sakaling aking subukang makapagsalita ng anumang bagay na mali at taliwas sa Kaniyang kalooban, taimtim kong dalangin na isara Niya ang aking bibig, upang hindi ko masabi ito. Sapagkat, totoo, nais kong mapunta sa Langit, ang aking sarili; at hindi ako mapupunta doon, at, maliban sa lahat nga iyon, magiging isa akong bulaang pinuno, isang tao na nakagawa ng isang bagay na hindi totoo. Kung gagawin ko ito, ito'y dahil wala akong alam na kaibahan. Pagpalain kayo ng Panginoon.

7 Ngayon, bukas ng umaga, kung ito ay kalooban ng Diyos, nilalayon kong mangusap sa paksang iyon, ng *Kasal At Diborsiyo*. At kami'y umaasa na darating kayo, at dalhin ang inyong mga lapis at mga papel. Hindi tayo magtatagal, subalit nais ko lamang na . . . Iyon ang aking layunin sa pagbalik dito, una, sa Indiana, na aking ipinangako sa inyo iyon. At sisikapin ko, bukas ng umaga. Kung hindi ko makuha ito bukas ng umaga, gagawin ko bukas ng gabi. Subalit sisikapin ko bukas ng umaga, kung loloobin ng Panginoon, na mangusap tungkol sa paksa, ang dalawang paaralan ng mga kaisipan. At nawa ay tulungan tayo ng Diyos na malalaman kung ano ang Katotohanan, upang malaman lamang kung anong Katotohanan, upang tayo'y makalakad sa Katotohanan at sa Liwanag. Tayo . . .

8 Alam ninyo, mayroon dating isang matandang may kulay na kaibigan. Kaniyang sinabi sa akin, kaniyang sinabi, "Kapatid na Billy," kaniyang sinabi, "Ako—ayaw ko ng anumang kaguluhan sa ilog." Kaniyang sinabi, "nais kong mapasakamay ko ang aking tiket. At kapag sumilbato na, ayaw ko ng anumang kaguluhan doon. Nagtanong ako sa Panginoon, matagal na panahon, kung mayroong anumang bagay na mali, hayaan akong ayusin ito ngayon din," sinabi, "dahil ito'y magiging madilim at mabagyo sa umagang iyon sa pag—alis ng barko patungo sa kabilang ibayo." Sinabi, "Ayaw ko ng anumang sagabal. Nais kung ayusin lahat ng ito ngayon." Iyan yon kung bakit tayo ay naririto, upang sikaping ayusin ang lahat ng mga sagabal, upang makasakay tayo sa oras na iyon.

9 Ngayon, ayaw kong mangungusap sa inyo nang napakahaba ngayong gabi, sapagkat mayroon tayong dalawang gawain bukas. At pagkatapos aalis agad ako, sa iba pang lugar, sa isa pa, maraming mga gawain.

10 Subalit, ngayon, sa Aklat ng Deuteronomio. Nais kong basahin mula sa ika 16 na kabanata, ang unang tatlong mga talata, ng Deuteronomio 16:1 hanggang 3.

> *Magdidiwang ka sa buwan ng Abib, at ipangingilin ang paskua. . .sa Panginoon mong Diyos:. . . sa* (ika—apat) *buwan ng Abib inilabas ka ng Panginoon mong Diyos sa—sa Egipto sa gabi.*
>
> At *iyong ihahain ang paskua sa Panginoon mong Diyos, ang sa* mga kawan *at sa bakahan, sa dakong* pinili *ng Panginoon na patatahanan sa kaniyang pangalan.*

11 Ngayon, ang aking paksa ngayong gabi ay: *Ang Pinili ng Diyos na Dakong Sambahan.*

Kung mapapansin ninyo, ang buwan na A—b—a—d. . .—b na naroon, ay nangangahulugang, "Abril." Ang buwan ng Abril ay kung kailan sila inilabas.

At ngayon ang di—karaniwang bagay ay na tayo ngayong gabi, bilang mga mananampalataya ng Diyos, sa araw na ito na ating pinamumuhayan, at nasusumpungan natin ang napakaraming mga iba't—ibang kaisipan ng mga tao. At hangga't mayroong iba't—ibang mga kaisipan tungkol sa bagay—bagay, mayroong iba't—ibang mga katanungan; kailangang mayroong isang tumpak na kasugatan sa bawat katanungan na itinatanong.

Kung ako ang magtatanong, "Ano ba ito?"

"Buweno," sasabihin nila, "isang upuan."

"Para saan ito?" Kita ninyo?

12 Ngayon, hayan, maaaring mayroong magsabi, "Hindi ito isang upuan. Ito'y isang kapirasong kahoy." Buweno, iyan ay

kapirasong kahoy, ngunit iyan ay isang upuan pa rin. Kita ninyo, kailangang may isang tumpak na kasagutan dito.

At kung ako'y magtatanong tungkol sa anumang bagay, kailangang may isang tumpak na kasagutan. Maaaring mayroong bagay na malapit dito; subalit kailangang may isang tumpak, tuwirang sagot sa bawat tanong. Kaya, dahil doon, bawat katanungang dumarating sa ating mga buhay, kailangang may isang tumpak, wastong kasagutan.

13 At ngayon, sa araw na ito, ating naririnig—naririnig itong sinabi, napakarami sa ating mga tao sa mundo sa panahon ngayon. . .

Sa pagiging misyonero, ilang beses nakapaglakbay sa ibayong dagat at sa buong mundo, ako'y nakisalamuha sa marami at iba't—ibang mga relihiyon, tulad ng Buddha, at Mohammedan, at ang mga Sikh, at ang mga Jain, at ano pa ba, ng mga relihiyon ng mundo. Gayon din dito sa ating sariling Estados Unidos; at iba pang mga bansa, nakipagtagpo sa lahat ng iba't—ibang mga iglesya, tulad ng ating mga may sekta na mga iglesia, simula sa unang Romano Katoliko, at pagkatapos sa Griego, at iba pa, at ang—ang ibat—ibang mga seremonya, at pagkatapos doon pababa sa . . . pangkalahatang denominasyong mga kapanahunan, ng siyam na raan at may ibat—ibang Protestanteng mga denominasyon.

Ngayon, bawat isa sa kanila, mangyari pa, mauunawaan ninyo ang kanilang kaisipan, at hindi ko sila masisi. Bawat isa ay nag—aangkin na sila ang katotohanan, nasa kanila ang katotohanan. At ang mga taong kaanib ng mga iglesyang iyon ay kailangang paniwalaan iyon, sapagkat ipinakipagsapalaran nila ang kanilang—kanilang paroroonan, ang kanilang walang hanggang paroroonan, sa katuruan ng iglesyang iyon. At sila'y masyadong magkaiba, sa isa't—isa, hanggang sa magawa itong siyam na raan at may ibat—ibang mga katanungan.

Samakatuwid, bilang siyam na raan at may iba't—ibang mga katanungan, dapat may isang wastong kasagutan. At nais ko para sa atin ngayong gabi, bilang tayo'y nagsisikap na pumunta sa Langit, at makatagpo ang ating Panginoong Jesus Na minamahal nating lahat, nais kong magsaliksik sa mga Kasulatan upang matagpuan iyon.

14 Ngayon, kung isa itong katanungan sa Biblia, dapat may isang kasagutan ito sa Biblia. Hindi ito dapat manggaling sa isang grupo ng mga tao, sa alinmang kapisanan, o sa ilang mga guro, o sa ilang denominasyon. Dapat ito'y manggaling nang tuwiran sa Kasulatan, kung saan naroroon ang dakong tagpuan ng Dios, ng pagsamba. At tiyak, bilang Diyos, mayroong isang dakong tagpuan kung saan, na Kaniyang kinatatagpo.

15 Ngayon, nasusumpungan natin dito sa Deuteronomio rito, sa pasimula, si Moises na binibigkas muli ang Kasulatan, ang mga

bagay na sinabi niya sa kanila; kung paano Niya sila inilabas sila na may isang dakila, malakas na bisig, palabas ng Egipto, at unang itinatag sila.

Tinawag silang "ang bayan ng Diyos" hanggang sa makalabas sila sa Egipto, at pagkatapos ay tinawag silang "ang iglesya ng Diyos." Sapagkat, ang isang iglesya ay isang pagtitipun—tipon, o, sa katotohanan, ang iglesya ay nangangahulugang "mga taong tinawag—palabas," yaong mga taong tinawag palabas. At lumabas sila sa Egipto, upang maging iglesya.

16 Ngayon ang Diyos nagsabi sa kanila, noong sila . . . bago nila itinatag ang templo at anumang kanilang ginawa, "Ako'y pipili ng dako ng Aking panambahan, at ilalagay ko ang Aking Pangalan dito." At iyon lang ang tanging dako na ang Diyos ay katagpuin ang sinuman, ayon Kaniyang Sariling pagpili. Siyang pumili ng Kaniyang dako. At kung saan Niya pinili ang Kaniyang dako, Siyang maglalagay ng Kaniyang Pangalan. Ang ika—2 talata rito ay nagsasabi sa atin na, "Ilalagay Niya ang Kaniyang Pangalan sa dako na Kaniyang pinili para sa mga tao upang makapanambahan sa Kaniya." Ngayon, ang kaisipan dito ay, nais nating malaman kung nasaan ba ang dakong iyon.

17 Sa siyam na raan at may magkakaibang mga kaisipan, dahil diyan nilalampasan natin ang lahat ng paganong relihiyon, at paguusapan lamang ang Kristiyanong relihiyon. Alinman, mayroon akong damdamin para sa mga pagano, o ako ay tiyak na hindi pupunta roon at mangungusap sa kanila. Ngunit, sila'y mali. Ang Kristiyanismo ay ang tanging relihiyon na totoo, ay Kristiyanismo. At sinasabi ko iyan hindi dahil sa tuwirang ako ay Kristiyano; sapagkat, ako'y naniniwala na iyan ang totoo. Ito ang tanging relihiyon na tama.

18 Narating ko na ang sa libingan kung saan ang puting kabayo ay pinapalitan tuwing apat na oras. Kung saan, si Mohammad, isang tanyag na pari at—at pinuno kaagad pagkatapos ni Cristo, ay ipinapalagay na isang propeta, at, ako'y walang duda pero ano siya, agad pagkatapos ng magkakapatid na Maccabeo. Subalit noong sila . . . siya'y namatay. Kanyang inako na siya'y babangon muli at sakupin ang buong mundo. Ngayon, halos tuwing apat na oras sila'y nagpapalit ng mga tanod, at sila'y nagpapanatili ng isang puting kabayo sa kaniyang libingan. Sila'y may, sa loob ng dalawang libong taon, umaasang siya'y babangon muli at sasakupin ang buong mundo. Subalit kita ninyo . . .

19 At bumaling ka kay Buddha; si Buddha namuhay ng maraming daang mga taon, mga dalawampu't—tatlong daang mga taon na ang nakararaan, ang diyos ng—ng Hapon. At siya nga ay isang pilosopo, parang katulad ni Confucius, at iba pa.

Ngunit lahat ito, para . . . mga tagapagtatag, at iba pa, lahat sila ay nangamatay kasama ng kanilang mga pilosopiya, at inilibing at nasa libingan.

Subalit ang Kritiyanismo, na itinatag ni Jesus Cristo, mayroon isang walang—lamang libingan. Siya lamang ang tanging Tao na nakatayo sa ibabaw ng lupa, at nabuhay at nagsabi, "Ako'y may kapangyarihan na ihimlay ang Aking buhay at ibangon itong muli." At ginawa Niya ito. At siya'y nabubuhay ngayon.

At ating alam na Siya ay buhay, sapagkat Siya ay nasa atin at pinatutunayan ang Kaniyang Sarili sa pamamagitan ng mga pisikal na mga tanda at mga kababalaghan, na Kaniyang ipinangako na Kaniyang gagawin upang ipakita ito. Hanggang sa, bilang isang Haliging Apoy na nanguna sa mga anak ni Israel patawid sa kaparangan, ito'y nasa atin ngayon, na maging ang Kanyang larawan ay nakunan; ginagawa ang mga tanda at mga kababalaghan na Kaniyang ipinangakong gawin ngayon, nakikita ang lahat ng mga Salita na Kaniyang ipinangako na ipinahahayag sa araw na ito. Samakatuwid, ang nalalabing paganong mundo ay labas na. Ito'y Kristiyanismo!

20 Ngayon, bilang mayroong siyam na raan at may mga katanungan tungkol sa kung saan makakatagpo ang Diyos, "Siya'y nakipagtagpo sa Metodista, o siya'y nakipagtagpo sa Baptist, at siya'y kinakatagpo sa ganito, at ganoon, at iba pa." Ngayon, may katanungan doon, kaya't bawat isa ay kinakailangang maghanap ng kaniyang sariling kaligtasan na may takot at panginginig.

Subalit ngayong gabi nais kong subukang hanapin, at patunayan sa Kasulatan, kung saan ang tamang dako sa kung saan ang Diyos ay makakatagpo at masasamba ng mga tao. At, kung iyon na, iyon lang ang tanging dakong kailanman Siya'y makakatagpo.

21 Ngayon, kinuha natin ang tekstong ito mula sa Deuteronomio. Ito'y isang Griegong salita na mayroong dalawang kahulugan, o, ito'y nangangahulugan ng, "dalawang mga batas." Ang Griegong salitang, Deuteronomio, ay nangangahulugang "dalawang magka—ibang batas."

At iyon lang ang kung anong sa Diyos mayroon, dalawang magka—ibang mga batas. At isa sa kanila ay ang batas ng kamatayan, at ang isa naman ay ang batas ng Buhay. Ang Diyos ay may dalawang mga batas. Ang sundin Siya, at paglingkuran Siya at sambahin Siya, ay Buhay; ang tanggihan Ito ay kamatayan. May dalawang batas sa Diyos.

22 Ngayon, ang isa sa mga batas na iyon ay naki— . . . nagawang maipakilala sa mundo, sa Bundok ng Sinai. Ibinigay ng Diyos ang batas kay Moises at sa Israel. Hindi dahil sa matulungan sila ng batas, kundi ang batas ay tumutukoy lamang sa kanila

na sila'y mga makasalanan. Hanggang sa panahong iyon, hindi nila alam kung ano ang kasalanan, hanggang sa nagkaroon sila ng batas. Walang magiging batas kung walang kaparusahan. Ang batas ay hindi batas, kung walang kaparusahan. Kaya't, samakatuwid, "Ang paglabag ng batas ay kasalanan, at ang kabayaran ng kasalanan ay kamatayan." Kaya samakatuwid, hanggang sa ang Diyos ay ginawan sila ng batas, walang paglabag na maaring ipataw sa kanila.

Kung dito'y walang batas na nagsasabing hindi ka maaaring tumakbo ng higit sa dalawampung milya sa bawat oras, kung gayon maaari kang tumakbo ng labis sa dalawampung milya sa bawat oras. Subalit kapag may batas na nagsasabing hindi mo maaaring gawin ito, kung gayon may batas at kaparusahan sa likod nito.

23 Ngayon, ang kamatayan, ang batas ng kamatayan, ay ang mga kautusang ibinigay sa Bundok ng Sinai, na nagsabi sa tao na isa siyang makasalanan. At, sa paglabag ng batas ng Diyos, namatay siya. Ngunit walang kaligtasan sa batas. Ang . . . Tanging ang isang pulis lamang ang makapaglalagay sa iyo sa kulungan; walang bagay na makapagpalabas sa iyo mula rito.

Magkagayon man nagbigay Siya ng panibagong batas, iyon ay sa Bundok ng Kalbaryo, kung saan ang kasalanan ay ipinataw kay Jesus Cristo, at doon ang kaparusahan ay binayaran. At hindi sa . . . Kawalan ng batas, "kung hindi sa pamamagitan ng biyaya kayo ay nangaligtas," dahil sa biyaya ng Diyos, sa pamamagitan ng predestinasyon ng paunang kaalaman ng Diyos ng iyong pagkatao.

24 Ngayon ating nakikita ang dalawang mga batas na ito, Deuteronomio, na tumatalakay ng dalawang batas. Mayroon dalawang batas. Ang isa ay batas ng kamatayan, at ang isa naman ay batas ng Buhay.

25 Mayroon ding dalawang tipan na ibinigay sa mga tao. Ating tatalakayin ang mga ito sa umaga.

Ang isa sa kanila ay ibinigay kay Adam na may pasubali, "kung gawin mo ito at hindi gawin iyon," subalit ang batas na iyon ay nilabag. Si Adam, si Eva ay nilabag iyon, doon sa halamanan ng Eden.

At ginawa ng Diyos ang pangalawang tipan, at ibinigay iyon kay Abraham, at ang batas na iyon ay walang pasubali. "Ito'y hindi sa kung ano ang ginawa mo o kung ano ang iyong gagawin;" Kaniyang sinabi, "Nagawa Ko na ito." Iyo'y biyaya. Iyon ang batas ng Buhay. Ang Diyos ay ginawa iyon para kay Abraham at sa kaniyang Binhi pagkatapos niya, iyo'y, sa lahat ng Binhi ni Abraham.

Tulad ng sinabi ng Biblia, "Ang buong Israel ay maliligtas," ngunit hindi iyon nangangahulugang mga Hudyo. Gaya ng sinabi ni Pablo, "Iyong Israel na nasa loob, o ang Israel na

nasa labas." "Nasa labas," habang ating tinalakay noong isang gabi, mga anak ito ni Isaac, sa pamamagitan na sekswal. Subalit ang batas ng Diyos ay sa pamamagitan ni Cristo, na siyang Maharlikang Binhi ni Abraham, na, "sa pamamagitan ng biyaya ang buong Israel ay naligtas." Iyo'y, "Lahat ng na kay Cristo ay ligtas," lahat, ang pangalawang tipan ng Diyos. Ngunit lahat ng mga bagay na ito ay tumutukoy kay Cristo.

26 Ngayon pansinin ang ika—2 talata. Ang ika—2 talata dito sa Deuteronomio 16, "Manambahan sa dako na Aking pinili." Ngayon dapat mong sambahin ang Diyos, Kaniyang sinabi, "Sa dakong Aking pinili," hindi sa kung ano ang pinili nino man, kundi, "kung ano ang Aking pinili."

Ngayon, kung pinili ng Diyos ang isang dako, ito'y kinakailangang ating alamin kung ano ang Kaniyang sinabi tungkol dito. At kung nasaan ito? Nais kong matagpuan ito, sapagkat, sa totoo, nais kong sambahin Siya.

Tayo'y nariritong lahat, ngayong gabi, upang sambahin Siya. Nakaupo tayo dito ngayong gabi, bilang Metodista, Baptist, Katoliko, Saksi ni Jehova, Kristianong Agham, at lahat, ngunit lahat tayo'y naghahanap ng isang bagay.

Nais nating malaman ang Katotohanan. Ang sabi ng Biblia, "Kailangang inyong malaman ang Katotohanan, at ang Katotohanan ang magpapalaya sa inyo."

Sinoman, hindi mo malalaman kung ano ang iyong ginagawa, hindi mo alam kung paano ito gawin hanggang sa matutunan mo kung paano ito gagawin; hindi mo alam kung ano ang gagawin hanggang sa matutunan mo kung paano ito gawin, pala. Dapat mong malaman kung ano ang iyong ginagawa at kung paano ito gagawin.

27 Ito'y nagpapakita sa atin na ang Diyos ay mayroong isang dakong tagpuan para sa Kaniyang mga mananamba, sa isang tiyak na dako. Sa dakong iyon, lamang, kinakatagpo ng Diyos ang Kaniyang mga mananamba.

28 Ngayon, gayundin, ang dakong Kanyang pinili para sa Kaniyang mga mananamba, Kanyang inako na Kaniyang ilalagay ang Kaniyang Pangalan. Ngayon ating saliksikin at ihayag at ipakita, sa pamamagitan ng Kasulatan, kung saan naroon ang dakong ito. Tiyak, kung sinabi ng Diyos na Kaniyang ilalagay ang Kaniyang Pangalan sa dakong ito kung saan Kaniyang pinili upang makakatagpo ang mga tao at sumambang kasama sila. . . o silang sumasamba sa Kanya, pala, na ito'y nasaan man sa Biblia, kung saan sapagkat ito'y para sa lahat ng kapanahunan.

29 At ang dakila at di—nagbabagong Diyos ay hindi maaaring magbago. Ang tao ay nagbabago. Subalit maaari ninyong ilagay ang inyong buhay sa ibabaw ng anumang bagay na sinabi ng Diyos sa anumang pagkakataon, sapagkat ito ay Katotohanan.

Ito ay Katotohanan. Sapagkat, iyon lang ang tanging bagay na mayroon akong tiwala, ang Biblia. Sapagkat, ang salita ng tao ay mabibigo, ngunit ang Diyos ay kataas—taasan.

Sa taong ito dapat nalalaman ko ng higit kaysa nalaman ko noong nakaraang taon. Kayo din, dapat, bawat araw. Tayo'y may hangganan, kaya tayo'y nagkakamit nang karunungan.

Subalit ang Diyos ay walang—hangganan. Siya ay walang hangganan. At, sa pagiging walang—hangganan, Siya'y hindi na makapagkamit pa ng karunungan. Siya ay sakdal, sa pasimula pa lang. Bawat kapasiyahan ay Kailangang maging tamang—tama ang bawat kapasiyahan.

30 At kung paano nagkilos ang Diyos sa isang pagkakataon, Siya'y dapat kumilos ng ganoon din magpakailanman, o nagkilos Siya ng mali noong Siya'y kumilos sa simula. Kapag ang isang tao na lumapit sa Diyos para sa kaligtasan, sa pamamagitan ng batayan na tinanggap Niya siya, kailangang ito'y matanggap sa parehong batayan sa bawat pagkakataon. Iyo'y tama. Kapag ang isang tao na lumapit sa Diyos para sa Makadiyos na pagpapagaling, at tinanggap siya ng Diyos sa pamamagitan ng isang tiyak na batayan; ang susunod na taong darating, Siya'y tatanggap sa kanya sa ganoon ding paraan, o Siya'y nagkamali noong Kanyang tanggapin ang unang tao. Ang Diyos ay gumawa ng isang batayan upang Kanyang katagpuin ang tao. Gumawa Siya ng isang batayan kung ano ang Kaniyang gagawin, kung paano Niya gagawin ito, at iyon ay sa pamamagitan ng pang—alay na dugo ng isang kordero sa halamanan ng Eden. Ang Diyos ay hindi, walang panahon, na binago ito.

31 Siya'y nagpasiya kung paano Niya ililigtas ang tao. Ating sinubukan ngayong turuan ang tao dito; ating sinubukan pag—aralin sila, sinubukang turuan sila, sinubukang bigyan ng pagkakakilanlan, sinubukang gawin ang lahat ng iba't—iba pang mga bagay—bagay; papasukin sila, kamayan sila, bautismuhan sila, bawat kaparaanang mayroon, papasukin sila sa pamamagitan ng mga sulat. Subalit nananatili pa rin, ganoon, ng kinakatagpo ng Diyos ang isang tao sa pamamagitan ng ibinuhos na Dugo ng Kordero. Dugo ang paraan ng Diyos sa pasimula, at ang Dugo ang paraan ng Diyos ngayong gabi. Mabuting gumawa ng pagpakasakit at lahat ng mga bagay na ito, subalit ang kaligtasan ay dumarating lamang sa pamamagitan ng Dugo. Ang Dugo lamang ang tanging paraan na pinili ng Diyos upang iligtas ang tao, at hindi Niya mababago ito.

32 Si Job ay ganoon din. Alam niya na siya ay isang matuwid, sapagkat siya'y naghandog ng—ng alay na iniutos sa kaniya ng Diyos.

33 Ngayon, ating saliksikin ngayon upang makita kung ano ang dakong ito, at ang dakong Kaniyang pinaglagyan ng Kaniyang Pangalan. Hahanapin natin upang malaman kung saan Niya inilagay ang Kaniyang Pangalan. Pagkatapos, kapag ating nasumpungan kung ano ang Pangalan ng Diyos at kung saan Niya inilagay ito, kung gayon nakuha na natin ang dakong sambahan sa sandaling ating masumpungan iyon.

Lahat ng mga bagay na ito, mangyari pa, mga anino ito ng mga bagay na darating. Lahat ng batas ay umaanino ng mga bagay na darating.

34 Katulad lamang, ng buwan ay isang anino ng araw. Nagsisilbi ito sa pagkawala ng araw, katulad ng ang Iglesya ay para magsilbi sa pagkawala ng A—n—a—k ng Diyos. Sa pagkawala ng Anak, ang mas maliit na Liwanag, ang Iglesya, ang mga mananampalataya, ay nagsisilbi sa Diyos at nagbibigay ng Liwanag sa pagkawala ng Anak. Subalit kapag ang araw ay sumikat na, hindi mo na makikita pa ang buwan, sapagkat ito'y lumubog na. Hindi na nito kailangan pa ang kaniyang liwanag, sapagkat kumukuha lamang ito ng kaniyang pangalawang liwanag, mula sa araw. Ngayon, tulad ng asawang lalaki at asawang babae, ay gayon ang araw at buwan, ang Iglesya at si Cristo.

35 Ngayon ating nasumpungan, na, ang mga bagay na ito bilang isang anino ni Cristo. Bawat pag—aalay, pista, at lahat sa Lumang Tipan, ay umaanino kay Cristo; tulad ng ang anino ay tumama sa sahig. Ngayon dito ay kung saan ating hahanapin upang masumpungan ang tamang dakong sambahan, ay dapat bumalik dito sa Lumang Tipan kung saan ito ibinigay at tingnan kung ano ang mga bagay—bagay na ito.

36 Ngayon, kapag dumating ang isang anino sa sahig, masasabi mo kung ito'y lalaki, babae, o hayop, o maging anuman ito, sapagkat nagtatapon ito ng isang anino sa ibabaw ng sahig. At habang umiikli ang aninong iyon, ang anino bilang siyang negatibo; at hindi magkakaroon ng isang negatibo kung walang isang positibo. Samakatuwid, kapag ang positibo ay napalapit sa negatibo, ang negatibo ay pumasok sa positibo. Ang anino at ang—at ang positibo ay nagsasama, at iyon ang gumagawa niyon na positibo pagkatapos.

At kung "ang lahat ng mga lumang bagay," ang sabi ng Biblia, "sa Lumang Tipan, ay mga anino ng mga bagay na darating," kung gayon si Cristo ang anino ng mga bagay na darating.

37 Kaya makikita natin, sa pamamagitan ng mga tipo ng Lumang Tipan, kung saan ang pinili Niya na paglalagyan ng Kaniyang Pangalan, at sa. . .para sa ngayon. Ngayon, habang and anino'y, nakahalang sa sahig, sinabi ko, ang negatibo, bilang isang tipo. Kaya tayo, ang mga mananamba, ay makakita rin

ng mga anino ng Lumang Tipan na nangungupas nang dahan—dahan paloob ng positibo ng Bago.

38 Ngayon, lahat ng mga pista, ang mga pangiling araw, lahat ng tabernakulo, lahat ng kahoy, lahat ng bagay sa tabernakulo, lahat ng bagay ay tumipo kay Cristo. Lahat ng mga handog, lahat ng mga batas, lahat ng bagay ay na katipo kay Cristo. Tinalakay na natin ito, nang maraming pagkakataon, dito sa tabernakulo.

Pagkatapos ating nakikita, dahil sa mga ito, na ang bawat kredo, iglesya, at denominasyon ay naiwanan na ng husto. Ni wala na ito sa takbuhan, sa anumang paraan. Bawat kredo, bawat iglesya, bawat denominasyon, ay lubusan nang iniwanan. Wala nang dako para sa kanila sa anumang paraan.

39 Walang naitipo sa Lumang Tipan, o saan man sa Biblia, ng iglesya, kundi ang puwersahang pagkakaisa ng tore Babel. Iyon lang ang tanging bagay na tumitipo sa pagkakaisa. Sapagkat, sa pamamagitan ito ni Nimrod, isang masamang tao na lumabas at pinilit ang lahat ng maliliit na mga bansa na pumunta sa isang dako at ito ngang malaking tore. Isang relihiyosong pagsamba ito, talaga, subalit hindi kinilala sa Salita ng Diyos. Kaya doon kung saan makikita ninyo ang denominasyonal na relihiyon na tinitipo, ang tore ni Babel, sa Lumang Tipan. Alinman, ang relihiyong ito ay totoong isang relihiyon, ngunit hindi ang relihiyon ng Salita ng Diyos.

40 Ang Diyos hindi pinili para ilagay ang Kaniyang Pangalan sa anumang denominasyon. Nais ko ang Kasulatan para dito, kung ito nga. Alam kong inaangkin nilang pumili Siya, ngunit hindi. Hindi Niya puwedeng ilagay ang Kaniyang Pangalan sa maraming mga dako, sapagkat Kaniyang sinabing inilagay Niya ang Kaniyang Pangalan sa isang dako. At, ang isang dakong iyon, bawat isa nating denominasyon ay nais magsabing sila ang dakong iyon, ngunit ito'y kabaligtaran.

Ngunit saan nga ba Niya inilagay ang Kaniyang Pangalan?

41 Ngayon, at, Siya, ano ang Kaniyang Pangalan, muna? Kailangan nating (Pangalan) malaman kung ano ang Pangalan ng Diyos bago natin malaman kung ano itong Kaniyang inilalagay sa isang dako.

Ngayon, ating nalaman na marami Siyang mga titulo. Tinawag Siyang ang . . . Tinawag Siyang "Ama," na isang titulo. At Siya'y tinawag "Anak," na isang titulo. Siya'y tinawag "Banal na Espiritu," na isang titulo. Siya'y tinawag "Rosa ng Sharon," na isang titulo. "Liryo ng Lambak," isang titulo, "Tala sa Umaga." "Jehovah—jireh, Jehovah—rapha," pitong magkakaiba, tambalan, mga pang—tubos na pangalan, at lahat sila ay mga titulo. Wala sa mga ito ang pangalan.

Subalit mayroon Siyang isang Pangalan.

42 Noong Kaniyang makatagpo si Moises, wala pa Siyang Pangalan, at Kaniyang sinabi kay Moises, "AKO SI AKO NGA." At noong ating nakita si Jesus sa lupa, nagsasalita sa mga Hebreo ika—6 na kabanata. . .hinihingi ko ang inyong paumanhin, sa San Juan ay ika—6 na kabanata. Kaniyang sinabi, "AKO SI AKO NGA."

Kanilang sinabi, "Bakit, Ika'y isang Tao na hindi lalampas ng limampung taong gulang, at magsasabi na Iyong 'nakita si Abraham'?"

43 Kaniyang sinabi, "Bago pa si Abraham, AKO NGA." At "AKO NGA" yaong Isa, ang nagniningas na puno, ang Haliging Apoy na naroroon sa nagniningas na puno doon sa mga kaarawan ni Moises, ang "AKO NGA SI AKO NGA."

44 At ngayon ating nalalaman na sinabi ni Jesus, din, "Ako naparito sa Pangalan ng Aking Ama, at Ako'y ayaw ninyong tanggapin." Kung gayon, ang Pangalan ng Ama ay dapat Jesus. Iyo'y tama. Ang Pangalan ng Ama ay Jesus, 'pagkat gayon ito sinabi ni Jesus. "Taglay Ko ang Pangalan ng Aking Ama. Naparito Ako sa Pangalan ng Aking Ama, at at ayaw ninyo Akong tanggapin." Kung gayon, ang Kaniyang Pangalan ay Jesus.

At tinawag Siya ni Gabriel na Jesus, ang mga propeta tinawag Siyang si Jesus, at walang pasubaling Siya ay si Jesus. Bago ang Kaniyang kapanganakan, kahit ang banal na propeta ay tinawag ang Kaniyang Pangalan na Emmanuel, na ibig sabihing, "sumasaatin ang Diyos." Kung gayon, ang "Diyos ay nahayag sa laman, upang alisin ang sala ng sanlibutan," at, sa paggawa noon, binigyan Siya ng Pangalang Jesus. Kaya, Jesus ang Pangalan.

At ang Pangalan ay inilagay sa isang Tao; hindi isang iglesya, hindi isang denominasyon, hindi isang kredo, kundi isang Tao! Kanyang pinili na ilagay ang Kaniyang Pangalan kay Jesus Cristo. Ngayon ating nalalaman na kung gayon Siya ang nagiging dakong sambahan ng Diyos, kung saan sinasamba ninyo Siya.

45 Bago pa man Siya naipanganganak, ang Kanyang Pangalan ay tinawag na Jesus. Ito'y napakahalaga, itoý ibinigay sa Kaniyang ina ng Anghel na si Gabriel, na ang Kaniyang Pangalan ay tatawaging "Jesus, ang Anak ng Diyos," kung ano Siya.

46 Doon nakuha natin ito, kung gayon. Ito iyon, nag—iisa. Ito ay, para sa Kaniya lamang, ang dakong sambahan na pinili ng Diyos. Ang dako ng Diyos, pinili. Pinili ng Diyos upang makatagpo ang tao; ay hindi sa isang iglesya, hindi sa isang denominasyon, hindi sa isang kredo, kundi kay Cristo. Iyon ang tanging dako na makakatagpo ng Diyos ang isang tao, at makasasamba siya sa Diyos, kay Cristo. Iyon ang

tanging dako. Kahit man ikaw ay Metodista, Baptist, Katoliko, Protestante, maging ano ka man, mayroon lamang isang dako na makapananambahan ka ng tama sa Diyos, iyo'y kay Cristo.

Sa Roma 8:1, sinabi, "Ngayon nga'y wala nang anomang hatol sa mga na kay Cristo Jesus, na lumalakad hindi para sa laman, kundi para sa Espiritu." Iyon ang Ebanghelyo.

47 Maaari tayong maiba sa mga kredo. Maaari tayong maiba sa mga teoriya na gawa ng tao. Makapupunta ka sa isang iglesya ng Metodista, kailangan mong maging isang Metodista; sa Baptist, isang Baptist; isang Katoliko, isang Katoliko. Subalit kapag nabautismuhan ka kay Cristo, at maging isang bahagi ng Kaniyang Katawan, walang mga pagkakaiba. Ang gitnang mga tabing ng dingding ay mapupunit at malaya ka na, sapagkat ika'y na kay Cristo Jesus. At sinasamba mo ang Diyos sa Espiritu at sa Katotohanan kapag ikaw ay na kay Cristo Jesus. Ito'y plano ng Diyos para sa iyo upang sambahin Siya kay Cristo Jesus.

48 Ngayon, walang simbahan ng denominasyon ang makapag—aangkin nito, walang makapag—aangkin niyan. Gaano ka kapangahas upang gawin ang ganoong mga pag—aankin? Para gawin ang ganoong bagay ay magiging isang anti—cristong espiritu, pinalalayo kay Cristo; upang kunin sa Kaniya. Hindi mo magagawa iyon. Si Cristo ang tanging dako na kinakatagpo ng Diyos ang mga mananamba.

49 Kanilang sinabi, sa araw na ito. Mayroon akong mga tao na magsasabi sa akin. Isang lalaki ang tumawag sa akin hindi pa katagalan, sa Beaumont, Texas. Kaniyang sinabi, "G. Branham, kung ang iyong pangalan ay wala sa aming aklat ng iglesya, hindi ka makapupunta sa Langit." Naiisip n'yo na ba iyon? Huwag ninyong paniwalaan ang tulad ng ganoong bagay. Iniisip nilang kailangan mong mapaanib sa isang iglesyang iyon o hindi ka makapupunta sa Langit. Iyo'y mali. Upang paniwalaan iyon, ay anti—cristo. Sasabihin ko ito: kung paniniwalaan mo ang ganoong espiritu, nawala ka. Iyo'y isang mabuting tanda na mapahamak ka, sapagkat ito'y lumalayo mula sa ginawa ng Diyos. Hindi kailanman inilagay ng Diyos ang Kaniyang Pangalan sa anumang iglesya. Inilagay Niya ito sa Kaniyang Anak, kay Cristo Jesus, noong Siya at ang Kaniyang Anak ay naging Isa. Iyon ang tunay na dakong sambahan. Walang ibang mga saligan ang inilatag, walang ibang bato.

> Kay Cristo, ang matatag na Bato, kinatatayuan ko;
> Lahat ng iba pang lupa ay mga buhanging lumulubog.

Ang mga denominasyon ay guguho at babagsak, ang mga bansa ay mangawala, subalit Siya ay mananatili magpakailanman. Walang ibang dako na matatagpuan ng isang tao, upang sambahin ang Diyos, na makatutugon ang Diyos sa

kaniya, walang dako maliban kay Cristo Jesus. Iyon ang tanging dako, ang tanging dako na pinili ng Diyos upang paglagyan ng Kaniyang Pangalan, at ang tanging dako na makakatagpo Niya ang tao, upang sumamba. Mapahamak ka, pag pinaniwalaan ang anupamang bagay.

50 Pansinin, lahat ng pitong mga pista ng Judio ay inilagak sa iisang dako. Hindi nila inilagak ang isang pista *rito* para sa Metodista, at isa *dito* para sa Baptist, isa sa banda *roon* para sa Presbyterian, isa uli *dito* para sa Katoliko, at isa para sa Protestante. Lahat ng pitong kapistahan ay inilagak sa iisang dako.

51 Ito'y isang napakagandang tipo rito. Katatapos pa lang natin sa Pitong Kapanahunan ng Iglesya, magpapakita na iniingatan ng Diyos ang lahat ng Pitong Kapanahunan ng Iglesya sa Salita, sapagkat bawat kapanahunan ng iglesya ay nagdala ng isang bahagi ng Salita, at kailan ma't nagtaglay sila nito at nakita ang Liwanag.

Tulad lamang ng mga tao ng unang maalaman pagbautismo sa Pangalan ni Jesus. Ano ang kanilang ginawa? Nagtatag sila ng isang denominasyon mula rito, at namatay ito doon mismo. Pagkatapos ang Diyos ay kumilos agad sa iba pang tao. Hindi Siya makapananatili sa isaman sa mga kredong iyon at mga katuruan. Wala siyang anumang gagawin dito. Walang bagay na lihis sa Diyos. Banal ang Salita ng Diyos, walang halo. Si Cristo ang gitnang dakong sambahan ng Diyos. Siya ay Diyos.

52 Lahat ng pitong pista ay kailangang ingatan sa isang dakong ito. Hindi mo maaaring ingatan ang pista sa alinmang ibang dako. Subalit silang pitong, dako . . . Ang pitong mga pista ng taon ay dapat ingatan sa isang dako. Samakatuwid, ang Pitong Kapanahunan Ng Iglesiya ay dapat manggaling sa isang nag—iisang dako, iyon ay si Cristo na nangungusap sa lahat ng Pitong Kapanahunan ng Iglesya. Iyo'y tamang—tama. Tipo, ng Pitong Kapanahunan ng Iglesya, ngunit nagsitatag sila ng mga denominasyon mula rito.

53 Ngayon ating tingnan ang isa pang tipo habang naririto pa tayo, iyo'y, ang tipo ng paskua, umaanino kay Jesus. Napapansin natin dito ang pag—aalay ng dugo, sa pamamagitan ng kamatayan. Ang pag—aalay ng dugo ay ang dako na umaanino kay Cristo. Maaari bang dumugo ang isang denominasyon; makaiisip ka ba ng isang iglesyang dumudugo, isang denominasyonal na dumudugo? Tiyak hindi. Nangangailangan ito ng dugo, upang dumugo mula sa isang buhay. At, ang buhay, makikita rito si Jesus sa pamamagitan ng kordero. Ang kordero ay isang tipo ni Cristo, at umaanino kay Cristo, sapagkat Siya ay "ang Kordero ng Diyos," na ipinakilala ni Juan, "na nag—alis ng kasalanan ng sanlibutan." "Nasusumpungan natin si Jesus na nagpapakita, dito sa Exodo ang ika—12 kabanata.

54 Pansinin, ito lang ang tanging dako na hindi mahahampas ng kamatayan. Kapag ang kamatayan ay akmang hahampas na sa lupa, kailangang mayroong isang tiyak na dako; lahat ng mula sa ilalim nito ay nangamatay. Isang dako lamang! Ngayon, hindi ibig sabihin nito na isang bahay ito; subalit may isang dako, iyo'y kung saan ang kordero ay pinatay. Kung saan naroon ang dugo ng kordero, ang anghel ng kamatayan ay hindi makahahampas, sapagkat ito ang isang dako na pinaglagyan ng Diyos ng Kaniyang Pangalan. At ang korderong iyon ay pinangalanan doon sa pasimula, na isang kordero. Pansinin, ito ang isang dako na hindi niya mahahampas.

55 At ngayon pareho rin sa araw na ito. Mayroon lamang isang dako na ang kamatayang espirituwal ay hindi makahahampas, iyon ang Salita. Ang kamatayan ay hindi maaring hampasin ang Salita, sapagkat Ito'y ang buhay na Salita ng Diyos.

Subalit kapag maglagay ka ng mga kredo Rito, ang Salita ay inilalabas ang Kaniyang Sarili. Ito'y hihiwalay tulad ng tubig mula sa langis. Hindi mo mapagsasama ito. Samakatuwid, nakikita ninyo, kapag dumarating ang kredo sa isang denominasyon, silang lahat ay sumusunod sa kredo; at ang Salita ay namamatay, at magpapatuloy sa iba pang tao at lalo Itong lumalago. Bumubuo ng lakas, habang nagpapatuloy Ito mula sa pag—aaring ganap, pagpapakabanal, bautismo ng Banal na Espiritu, at patuloy sa paglabas sa Butil! Nakikita ba ninyo ang daan na nilakaran ng Diyos? Dinadala ang Kaniyang Pangalan, sa lahat ng panahon, pababa sa ganoon ding paraan, sapagkat Siya ang Salita.

Pansinin, hindi Ito mamamatay. Ang Salita ng Buhay ay hindi mamamatay.

56 Pansinin kung gaano katumpak, ngayon. Ang pamatay na anghel ay hindi pinagbawalan na hampasin ang mga tanyag at matatalinong mga tao ng Egipto. Hindi ito pinagbawalan na hampasin ang kaniyang sagradong mga lupain, ang kaniyang malalaking mga gusali, ang kaniyang mga paraon. O, ang mga pari ng lupain, ang anghel ay hindi pinagbawalan na humampas. Mahahampas nito ang alinmang gusali, alinmang lugar, sinuman, ngunit hindi nito mahahampas kung saan ang kordero'y naroroon.

Ang kamatayan hindi makahampas kung saan naroroon ang inilaang dako ng Diyos, at iyon ay nasa Kordero.

57 Pansinin, hindi kahit ang. . . niya pinagbawalang hampasin ang Israel o ang kaniyang mga paring Hebreo, at, o alinman sa kanilang mga denominasyon. Lahat ay dapat nasa pinili ng Diyos, inilaang dako, o hahampas ang kamatayan.

58 Iglesya, saan ka man naroroon, ano mang iyong kinabibilangan, ay walang kaibahan sa akin. Subalit, may isang bagay na dapat mong malaman, kailangang na kay

Cristo ka o mamamatay ka. Hindi ka mabubuhay nang nasa labas Niya. Maaaring mabuti ang iyong iglesya, bilang isang gusali; maaaring mabuti ang iyong pakikisama, bilang isang tao. Subalit kapag iyong itinatanggi ang Katawan, ang Dugo, ang Salita ni Jesus Cristo, mamamatay ka sa sandaling gawin mo ito. Ito ang dakong sambahan na pinili ng Diyos. Doon kung saan naroroon ang Kaniyang Pangalan, tamang—tama. Doon kung saan ay Kaniyang pinili upang paglagyan ng Kaniyang Pangalan; hindi sa iglesya, kundi sa Anak, kay Jesus Cristo.

59 Pansinin, nakabatay lamang ang kaligtasan sa dako ng Kaniyang pagpipili, sa Kaniyang kordero, at sa pangalan ng kordero.

60 Pansinin, isa itong "lalaking" tupa, isang lalaki, hindi isang babae. Hindi isang iglesya, babae; kundi ang Kaniyang Pangalan, hindi ang sa babaing pangalan. Kung saan Kaniyang katatagpuin ang mga tao ay hindi sa pangalan ng babae, kundi sa Kaniyang Pangalan, Siya, ang Kordero!

61 Ngayon sasabihin natin, "Ang iglesya, ang tanyag, malakas na iglesya, ginawa niya *ito* at ginawa niya *iyon*. Kaniyang tinimbang ang mga bagyo. Dumami ang aming kasapi. Kami'y marami sa bilang. Kami'y isang malakas na iglesya. Isa siyang tanyag."

Subalit ang Diyos ay hindi nagbanggit ng kahit na ano patungkol sa isang babae. Kaniyang sinabi, "Lalaki." "Siya," ang dakong tagpuan, ang Kordero, hindi ang iglesya. Hindi ang pangalan ng babae, kundi ang Kaniyang Pangalan. Hindi Niya inilagay ang babaing pangalan sa kahit saan. Inilagay Niya ang Kaniyang Pangalan sa "Lalaki"!

Kung kaya't, "Lahat ng ating dapat gawin, o sa salita o sa gawa, dapat nating gawin itong lahat sa Pangalan ni Jesus Cristo." Kung tayo'y manalangin tayo, kailangang dumalangin tayo sa Pangalan ni Jesus. Kung may kahilingan, kailangang humiling tayo sa Pangalan ni Jesus. Kung tayo'y lalakad, tayo'y lumakad sa Pangalan ni Jesus. Kung tayo'y magsasalita, tayo'y magsalita sa Pangalan ni Jesus. Kung tayo'y magbabautismo, kailangang tayo'y magbautismo sa Pangalan ni Jesus Cristo. Sapagkat, "Lahat ng ating gagawin sa salita o sa gawa, gawin ito sa Pangalan ni Jesus Cristo."

62 Isang kaibigan ang nagsabi sa akin minsan, tinatalakay iyon, kaniyang sinabi, "Kapatid na Branham, ang aking asawa, hindi ko. . ." Kaniyang sinabi, "Siya, ang pangalan niya ay *Ganito—at—ganito*." Siya'y isang ministro, maaaring nakaupo dito ngayon. At kaniyang sinabi, "Ang aking asawa," sinabi, "nasa kaniya ang aking pangalan." Sasabihin ko lang na *Jones,* sapagkat hindi ito Jones. Kaniyang sinabi, "Ngayon, hindi niya kailangang bumangon bawat umaga, kunin ang walis at sabihing, 'Ngayon winawalisan ko ang sahig sa pangalan ni

Jones, at hinuhugasan ko ang mga hugasan sa pangalan ni Jones, at tinatagpian ko ang mga damit sa pangalan ni Jones.'" Kaniyang sinabi, "sa palagay ko hindi mo na kailangan pang tawagin ang alinmang pangalan sa anumang paraan."

Aking sinabi, "Naniniwala akong dapat mong tawagin." Iyo'y tama.

At kaniyang sinabi, "Aba, bakit? Hindi niya kailangang sabihin ito. Lahat ng kaniyang ginagawa ay sa pangalan ni Jones, bilang panimula."

63 Aking sinabi, "Subalit hindi ka kailanman lumakad sa isang lansangan at natagpuan siya, at sabihing, 'Halika, Jones.' Kailangan siyang maging, una, sa pamamagitan ng isang seremonya, isang seremonya ng kasal, 'Jones.' Kung ayaw niya, namumuhay kayo sa pangangalunya. At kung nabautismuhan kayo sa alinmang ibang paraan maliban sa Pangalan ni Jesus Cristo, ito'y isang mapangangalunyang bautismo, na hindi matagpuan sa Biblia."

Kung gayon, "Kung ano ang iyong ginagawa sa salita at gawa, gawin ito lahat sa Pangalan ni Jesus," pagkatapos niyan, kung ano na ang iyong ginagawa. Ngunit una ikaw ay lumapit dapat sa Kaniyang Pangalan.

64 Maraming mabubuting mga kababaihan sa gusaling ito ngayong gabi, mabubuti, matatapat na kababaihan; ngunit mayroon lang isang Gng. William Branham. Siya yaong umuuwing kasama ko. Siya yaong isa na aking asawa.

65 May mga mabubuting mga tao sa mundo, mabubuting mga iglesya; subalit may isang Gng. Jesus Cristo, at iyo'y ang Kaniyang ipinunta. Doon kung saan nakalagay ang Kaniyang Pangalan. Doon ang kinaroroonan ng Kaniyang sambahan, sa Kaniya at sa Kaniya lamang. Iyan ay totoo. Oh, opo, ginoo. Nakikita natin iyon na siyang totoo.

66 Ngayon, iyan kung bakit, tayo, "Lahat ng ating ginagawa sa salita o sa gawa, ginagawa natin ito sa Pangalan ni Jesus Cristo."

"Walang ibang pangalan na ibinigay sa silong ng Langit para sa kaligtasan, maliban sa Pangalan ni Jesus Cristo." Mga Gawa, ang ika—2 kabanata, sinasabi na, "Mangaalaman nawa ninyong lahat ito. . . " "Walang ibang pangalan na ibinigay sa silong ng Langit na sukat ikaligtas ng tao, tanging sa Pangalan ni Jesus Cristo." Amen. Umaasa akong nakukuha ninyo ito. Ang Pangalan ni Jesus Cristo, bawat. . .

Ang kataas—taasang Kalangitan ay ipinangalan sa Kaniya, "Lahat nang pamilya sa Langit ay pinangalanang Jesus," sinabi ng Biblia, "at lahat ng pamilya sa lupa ay pinangalanang Jesus." Kung gayon iyon ang piniling Pangalan ng Diyos at kung saan Niya inilagay Ito. Iyon ang Kaniyang dakong sambahan, ay na

kay Jesus Cristo. Ngayon, nalalaman natin iyon na ganoon nga, walang ibang dako na sasambahan maliban sa Kaniya.

67 "Walang ibang pangalan sa silong ng Langit na ibinagay sa tao, na sukat nilang ikaligtas." Kaniya ang Pangalan ng Diyos sa katubusan. Ang Diyos ay may pangalan na tinatawag na Jehovah—jireh, Jehovah—rapha, Jehovah—jireh. "Ang Panginoon ay pinatawad ang lahat ng iyong mga kasalanan." *Jehovah—rapha,* "Ang Panginoon ay pinagagaling ang lahat ng iyong mga karamdaman." Siya'y may maraming mga titulo. Subalit Siya'y mayroon isang Pangalan ng Katubusan, na pag—aari ng lahi ng tao, at iyon ay ang Pangalan ni "Jesus." Iyon ay Kaniyang Pangalan, pinili Niyang paglagyan. Saan ba Niya inilagay ito? Inilagay Niya Ito kay Cristo.

68 Lahat ng ibang mga pangalan ng iglesya, mga kredo, mga titulo, ay kamatayan ang pagtiwalaan sila. Pinagtitiwalaan mo ang iglesya ng Metodista na magdadala sa iyo sa Langit, mapahamak ka. Kung pinagtitiwalaan mo ang mga Pentecostal, ang iglesya ng Pentecostal na magdadala sa iyo sa Langit, mapahamak ka. At ang Baptist, Lutheran, Presbyterian, Katoliko, at alinmang ibang iglesya; pinagtitiwalaan mo ang kanilang pangalan, o ang kanilang titulo, o ang kanilang kredo, mapahamak ka.

Sapagkat, ni hindi ka nga maaaring manambahan hanggat hindi ka muna papasok sa dakong sambahan. Amen. Iyon lang ang tanging dako na kinakatagpo ng Diyos ang mananamba, ang dakong Kaniyang pinili upang paglagyan ng Kaniyang Pangalan. Lahat ng iba, magtiwala kayo sa kanila, kayo'y mamamatay. Siya rin . . .

69 Isa pang anino ni Jesus dito, na tinandaan ko, ang Kasulatan. Gayon din, Siya—Siya ay umaanino dito, "Kailangang Siya ay walang kapintasan." Ang dakong pinaglalagyan Niya ng Kaniyang Pangalan, ang korderong ito ay dapat walang kapintasan.

Ngayon, anong denominasyon o sistema ang maaari mong pagkabitan nito; anong iglesya, Katoliko, Protestante, Judio, anuman ito? Anong sistema, denominasyon, ang maaaring pagkabitan mo niyan, nang "walang kapintasan dito"? Ito'y lahat tinanggihan, at inayawan.

Subalit may isang dako! Aleluya! Ang dakong iyon ay na kay Jesus Cristo. Walang kapintasan sa Kaniya. Walang pagkakamali sa Kaniya.

Hindi mo maaaring ikabit ito. Lahat ng mga taong ito na nagsisikap gawin ang ganoon, sinasabing ang kanilang iglesya ay walang kapintasan at lahat ng *ito*. Ito'y karumihan, mga mananalangsang sa Salita, mga mangingibig, kalahating patay, Laodicea, kredo, subalit hindi ito ang Katotohanan. Subalit kahit si Pilato mismo, ang Kaniyang kaaway, nagsabi,

"wala akong makitang pagkakasala sa Kaniya." Ang Kaniyang Sariling kaaway ay nagpatunay na walang kasalanan sa Kaniya. Hindi mo maikakabit ang anumang kasalanan sa kaniya.

70 Kaniyang sinabi sa mga pari sa Kaniyang mga kapanahunan, "Sino sa inyo ang magpaparatang sa Akin ng kasalanan? Sino ang makapagpapatunay sa Akin na Ako'y isang makasalanan?"

Sabihin sa akin ang isang iglesya na makapagsasabing hindi sila nakagawa kailanman ng anumang kamalian. Sa tapatan, walang isa man sa kanila, wala talaga, ngunit kung anong pumatay at gumawa ng lahat ng bagay doon at nasa talaan para gawin, wala talaga. Pagkatapos tinatawag pa rin nila ang kanilang sariling . . . Kaya hindi ito ang dakong tagpuan ng pagsamba sa Diyos, sa alinmang kredo o denominasyon.

71 Aking mga kaibigan, hindi ko nais na makasakit ng mga damdamin, ngunit may pananagutan ako sa Mensahe, at, ang Mensaheng iyon ay, "Lumabas sa kaguluhang ito!" At kapag hiniling kong lumabas kayo, saan ko kayo dadalhin? Dadalhin ko ba kayo sa Branham Tabernacle? Ito'y may marami ring kamalian tulad ng alinman sa iba pa sa kanila.

Subalit may isang dakong aking mapagdadalhan sa inyo, kung saan kayo'y ligtas at protektado mula sa kamatayan, iyo'y na kay Jesus Cristo, Sa dakong sambahan ng Diyos. Iyan ang dako na ipinakikilala ko sa inyo, ngayong gabi, kung saan ang Diyos ay inilagay ang Kaniyang Pangalan. Kung saan ipinangako Niya na Kaniyang kakatagpuin ang bawat tao na pumapasok doon, sasambang kang kasama Siya at kasalo siya, iyo'y kay Cristo; hindi sa simbahan, hindi sa tabernakulo.

Kundi, kay Cristo, Siya ang Tabernakulo ng Diyos. Siya ang dako na pinasukan ng Diyos, Siya Mismo, at nanahan sa Kaniya. "Ito ang Aking sinisintang Anak, Na Aking kinalulugdang panahanan." Doon kung saan nanahan ang Diyos, dinala ang Kaniyang Pangalan at inilagay Ito kay, Jesus Cristo. Samakatuwid, ang Kaniyang Pangalan ay inilagay sa isang Tao, ang Kaniyang Anak, si Jesus Cristo, na kung saan pinanahanan Niya ng Kaniyang Sarili, at sa Tabernakulong iyon.

Kung saan, sa isang tipo, ang lumang Jerusalem, ang matandang mga pista, ang lumang templo, ay isang tipo; noong pumasok ang usok, ang araw na pumasok ang kaban, ng tipan, at nanahanan, at ang Tinig ng Diyos ay narinig mula rito.

Kaya naman maririnig din ang Tinig ng Diyos, na nagmumula sa Tabernakulo, kay Jesus Cristo; na, ang Luma (natural) ay isang tipo at isang anino ng Bago. At noong pumasok Siya kay Cristo, Kaniyang sinabi, "Ito ang Aking Sinisintang Anak, Na Aking kinalulugdang panahanan. At pipili Ako ng dako kung saan Aking ilalagay ang Aking Pangalan, at kung saan Aking kakatagpuin ang tao, at kung saan Ako ay

mananambahan." Diyos ang pumili ng dako; hindi sa iglesya ng denominasyon, kundi kay Jesus Cristo. Opo, ginoo.

72 Dapat din Siyang "walang kapintasan," tulad ng sinabi ko. Walang denominasyon ang makapag—aangkin niyan. Pag—ginawa nila; sila'y anticristo.

73 Ngayon nasusumpungan natin dito, pansinin ang Kaniyang anino muli. Ang—ang kordero ay aalagaan. Ngayon, matatagpuan ito sa Exodo 12, kung tinatandaan ninyo ito, Exodo 12:3 hanggang 6. Ang kordero ay aalagaan sa loob ng apat na araw, upang subukan, para matiyak kung ito'y karapat—dapat nang ialay. Dapat kinuha, sinuri nang paulit—ulit, sa loob ng apat na araw, upang tingnan kung may kapintasan dito, tingnan kung may anumang sakit dito, tingnan kung may anumang mali sa kordero. Kailangang alagaan ito sa loob ng apat na araw.

74 Ngayon pansinin. Ilan sa inyo ang maaaring nag—iisip na iyon ay katiting lang, pinatay sa ika—labing apat. Subalit, naaalala ba ninyo, kinuha nila ang kordero sa ika—sampung araw ng buwan, at pinatay ito sa ika—labing apat na araw ng buwan, kita n'yo, na inalagaan sa loob ng apat na araw.

75 Ngayon, si Jesus, ang Pangalan ng Diyos, ang Kordero, ay pumasok sa Jerusalem at hindi na lumabas pang muli hanggang sa pagkatapos ng Kaniyang kamatayan, libing, at pagkabuhay na mag—uli. Siya ay inalagaan sa ilalim ng mga kritiko sa loob ng apat na araw at apat na gabi. Talagang akmang—akma ang pagkakatipo sa Korderong iyon, inalagaan sa loob ng apat na araw. Iyo'y noong sinabi ni Pilato, "Wala akong makitang kasalanan sa Kaniya."

76 Isa na namang anino Niya, walang mababaling buto sa Kaniya, nang ganap na ganap, na hindi nila magawa. Sa pagpatay sa alay, hindi nila mabali ang buto. Kapag nabali, tinatanggihan ito. At kanilang iniumang na ang maso upang baliin ang mga buto sa mga paa ni Cristo, nang kanilang sabihing, "patay na Siya." Kanilang inulos ang Kaniyang tagiliran at nakita ang Dugo at tubig.

77 Pansining muli ang isa pang dakilang bagay rito. Hindi ko ito basta mapalalampas, sapagkat Siya ay isinagisag sa mga paghahandog, ang pagkaing handog.

Naalala ko minsan mayroon silang isang paaralan, sa Biblia, tinatawag na paaralan ng mga propeta, at totoong isang paaralan ito. At ating nalalaman na pumunta doon sa paaralang iyon si Elias isang araw, at kanilang sinabi, "Kami . . ." Nakiusap sila sa kaniya na umalis, sinabi, "Kapag ika'y naririto, ang mga bagay ay masyadong maayos." Kaya nais nilang umalis siya.

At lumabas sila para pakainin siya ng pananghalian. At isang grupo ng mga pari ang lumabas, o mga propeta, upang pumitas ng ilang gisantes, upang magluto nang pananghalian

para sa kaniya. At nang magawa na nila, nagtipon sila ng isang malaking eprong—puno ng gisantes; at nang magbalik sila, ito ay mga ligaw na mga halaman, na isang lason, at inihulog ito sa loob ng palayok. At nagsimulang kumulo ang mga palayok, at sila, isang tao, ang nagsabi, "Naku, may kamatayan sa palayok. Ngayon hindi na tayo makakakain pa."

At sinabi ni Elias, "Dalhan ako ng sandakot na pagkain." At kinuha niya ang pagkain at inilagay ito sa loob ng palayok, at nagsabi, "Kumain ka. Pinagaling na ang palayok."

78 Ang handog na pagkain ay si Cristo. Bawat ngipin ng talim ay kailangang iisa ang pagkaayos, at bawat maliliit na piraso ng pagkain ay kailangang pareho ang pagkakagiling, para sa handog na pagkain. Nagpapakita, na, Siya ang tagapagpagaling. Siya ang kapalit, at nag—aalis ng kamatayan, at naglalagay ng Buhay; sa pamamagitan ng dalawang batas. Aleluya! Kung nasaan ang kamatayan, ay isang dako; nang dumarating si Cristo, dumating ang Buhay. Siya'y tulad kahapon, ngayon, at magpakailan man. At kung saan may kamatayan, nagkaroon ng Buhay doon, sapagkat ang Cristong iyon ay dumating, ang handog na pagkain.

79 Napakadakilang mga aral ang maidudulot ng mga bagay na ito kung bigyan natin ng panahon para himayin ang mga ito! Ngayon pansinin, wala kahit isang salita ng mga anino ang mabibigo. Wala pa ni isa mang salita ang nabigo, ng anino. Itinipo ang lahat ng bagay nang tugmang—tugma.

Siya ang dakong sambahang pinili ng Diyos, at ibinigay ang Pangalan ng Diyos sa Kaniya. Siya ang dakong sambahan ng Diyos, at ibinigay ang Pangalan ng Diyos sa Kaniya. Siya ang Salita ng Diyos, at Siya ang Pangalan ng Diyos. Siya ay kapuwa ang Salita ng Diyos at ang Pangalan ng Diyos. "Siya ang Salita na nagkatawang—tao." Siya ang Salita ng Diyos, ang Kordero ng Diyos, ang Pangalan ng Diyos, at Diyos. Iyan kung sino Siya, ang pinili at tanging dakong sambahan sa Diyos.

80 At tinatanggihan ng Diyos ang anumang ibang dako maliban sa kay Jesus Cristo; hindi mo Siya masasamba kahit saan. Kaniyang sinabi, "Datapuwa't walang kabuluhan ang pagsamba nila sa Akin, na nagtuturo ng kanilang Pinakaaral ng mga utos ng tao." Ngayon mayroon tayong mga kredo, mga dogma, at lahat na, na nagtuturo, ng *ito* ang daan at *iyon* ang daan.

At sinabi ni Jesus, "Ako ang Daan, at ang Katotohanan, at ang Buhay, sinoman ay di makaparoroon sa Ama kundi sa pamamagitan Ko." Sa ibang mga salita, "Ako ang Pintuan ng kulungan ng mga tupa. Lahat ng nasa labas ay mga magnanakaw." Siya ang tanging pasukan. Siya ang Pintuan. Siya ang Daan, ang Katotohanan, ang Buhay, lahat ng naroroon; ang tanging pasukan, ang tanging dako, ang tanging sambahan, ang tanging Pangalan.

Nakatali ang lahat ng bagay kay Jesus Cristo. Nakatali sa Kaniya ang lahat sa Lumang Tipan. Nakatali ang Bagong Tipan sa Kaniya. At ang Iglesya ngayon ay nakatali sa Kaniya, sa pamamagitan ng Salita ng Kaniyang kautusan. Wala ng iba pang dako, o ibang Pangalan, o kahit saan, kung saan ipinangangako ng Diyos na kakatagpuin ang isang tao; tanging kay Jesus Cristo, ang dakong sambahang Kaniyang pinili.

81 Pansinin, ipinangako ng Diyos na Kaniyang kakatagpuin ang mga mananamba dito lamang sa isang dakong ito lamang, at iyon ay ang Kaniyang Sariling pagpili; hindi sa ating pagpili, hindi ng ating kaisipan; kundi ng Kaniyang kaisipan, ng Kaniyang pagpili. At ito ang dako kung saan inilagay Niya ang Kaniyang Pangalan, kung saan Kaniyang pinili. Kaya ating nalalaman na ating nasumpungan kung saan naroroon ang Kaniyang Pangalan, kung ano ang Kaniyang pinili, sa pamamagitan ng Kaniyang Sariling pagpili.

82 Ngayon na ating nasumpungan ang dakong pinaglagyan Niya ng Kaniyang Pangalan, iyon ay, kay Cristo Jesus, at wala ng iba pang dako, o walang ibang pangalan, nasisiyahan ba kayo roon? Sabihin, "Amen." [Sinabi ng kongregasyon, "Amen."—Pat.] Ngayon, ang layon nito ay, kung matatagpuan natin kung nasaan ang dako . . . Ang sambahang dako ay hindi saan man tanggapin, kay Cristo lamang.

Makapagsisisi ka, magagawa mo iyon, ngunit hindi ka pa rin sumasamba. Ika'y humihingi ng kapatawaran. Sinabi ni Pedro . . .

Sa araw ng Pentecostes, noong nakita nila silang lahat na nagsasalita ng ibat—ibang wika, at dakilang mga tanda at mga kababalaghan ay nagaganap, nagsimula silang tumawa, ginawa ng iglesya, at sinabi, "Puno ng bagong alak ang mga taong ito. Kumikilos sila tulad ng lasing na mga tao. Ang . . . " Ang birheng si Maria, lahat sila, ay magkakasama, isang daan at dalawampu sila. At pasuray—suray sila tulad ng sa lasing na kalalakihan, at nagsasalita ng ibat—ibang wika, at nagpapatuloy. Kanilang sinabi, "Puno ng bagong alak ang mga taong ito."

83 Subalit si Pedro, tumayo, nagsabi, "Mga kalalakihan at mga kapatid, ang mga taong ito ay hindi puno ng bagong alak, sapagkat ito lamang ang ikatlong oras ng araw. Datapuwat ito ay yaong ipinangusap ng propetang si Joel, 'At mangyayari ito sa huling mga araw, sabi ng Diyos, na ibubuhos Ko ang Aking Espiritu sa lahat ng laman; manganghuhula ang inyong mga anak na lalaki at ang mga anak na babae; sa ibabaw ng aking mga lingkod na babae at lingkod na lalaki ay ibubuhos Ko ang Aking Espiritu. Magpapakita Ako ng mga tanda sa sangkalangitan sa itaas, at sa lupa; apoy, mga haliging apoy, mga singaw ng usok. Ito ay mangyayari, bago dumating ang dakila

at kakila—kilabot na Kaarawan ng Panginoon, na sinuman ang tatawag sa Pangalan ng Panginoon ay maliligtas.'"

84 Nang marinig nga nila ito, ay nangasaktan sila sa kanilang mga puso, at sinabi, "Mga kalalakihan at mga kapatid, anong gagawin namin?"

85 Sinabi ni Pedro, "Mangagsisi, ang bawat isa sa inyo, at magpabautismo sa Pangalan ni Jesus Cristo para sa ikapagpapatawad ng inyong mga kasalanan, at inyong matatanggap ang kaloob ng Banal na Espiritu. Sapagkat ang pangako ay yaong lahat na mga darating na henerasyon." Ngayon nalaman na natin iyon.

86 Ngayon nais nating malaman kung paano tayo *makapapasok* sa Kaniya. Paano tayo makapapasok sa dakong sambahang ito? Ang Unang Corinto 12 ang makasasagot nito, sapagkat, "Sa pamamagitan ng isang Banal na Espiritu!" Hindi sa pamamagitan ng isang iglesya, hindi sa pamamagitan ng isang kredo, hindi sa pamamagitan ng isang mangangaral, hindi sa pamamagitan ng isang obispo, hindi sa pamamagitan ng pari. Kundi, "Sa pamamagitan ng isang Banal na Espiritu tayong lahat ay binautismuhan sa iisang Katawan," na siyang Katawan ni Jesus Cristo, at nagpapasok sa bawat kaloob na nakahimlay sa Katawang iyon. Opo, ginoo! Walang pagsapi, walang pagbigkas ng mga kredo, walang palakasan, hamakan, kamayan, o ano pa man. Kundi, dahil sa Kapanganakan ay nabautismuhan tayo sa Katawan ni Jesus Cristo! Amen. "Sa pamamagitan ng isang Banal na Espiritu ay nabautismuhan tayo sa isang Katawan."

87 At ano ang Katawang iyon? "Nang pasimula ay Salita, at ang Salita ay sumasa Diyos, at ang Salita ay Diyos. At ang Salita ay nagkatawang—tao at tumahan sa gitna natin." Paano mangyayaring tayo ay nasa Katawang iyon at itinatanggi ang isang Salita Nito, o ilagay Ito palayo sa kung saan pa man na Ito'y wala nga maging sa Katawan? Paano natin nagagawa ito? Ang dakong pinili ng Diyos!

88 Pansinin, at kapag ikaw ay tunay na nabautismuhan sa Kaniya, ang totoong katibayan ay iyong sumasampalataya ka sa Kaniya, ang Salita.

Paano ka magiging isang kabahagi Niya at pagkatapos ay itinatanggi Siya? Paano ko maitatanggi ang aking kamay bilang aking kamay? Kung may . . . kung ginagawa ko, may isang bagay na mali sa aking pag—iisip. At paano ko magagawa? Kung may isang bagay na mali sa aking pag—iisip, itangging iyo'y aking kamay, itangging iyo'y aking paa, may isang bagay na mali sa espirituwal sa mananampalataya na tumatanggi sa alinmang Salita na sinabi na ng Diyos at ipinangako. May isang bagay na mali sa espirituwal sa naturingang—mananampalatayang iyon.

89 Hindi mo maitatanggi ang isang titik Niya, dahil ikaw ay naging kabahagi niyon. Bahagi ka Niya sapagkat ika'y

binautismuhan sa Kaniya; sa, pamamagitan ng Banal na Espiritu na nagdala sa iyo sa Katawan ni Jesus Cristo. Ano't isang napakagandang bagay!

90 May isang tiyak na dako na kinatagpo Niya—kinatagpo Niya si Abraham, at doon sumamba si Abraham. Lahat tuloy hanggang sa dulo ng Tipan!

At ang Kaniyang pangakong Salita ay ipaliliwanag sa inyo, sa pamamagitan Niya. Nakuha ba ninyo iyon? Ang Salita na Kaniyang ipinangakong tutuparin sa araw na inyong pinamumuhayan, kayo ay magiging isang nakasulat na epistola ng Diyos, na binabasa ng lahat ng tao. Hindi kung ano ang inyong inaangkin, kundi kung ano ang ginagawa ng Diyos sa pamamagitan ninyo, ay mangungusap nang mas malakas kaysa sa alinmang bagay na maaari ninyong angkinin. Sinabi ng Diyos, "Ang mga tandang ito ay susunod sa kanila na sumasampalataya." Iyon ay nangungusap sa pamamagitan ninyo.

91 Nangusap Siya sa kapanahunang ito, kung ano ang mangyayari ngayon. Ang mananampalataya sa itong panahon ay dapat paniwalaan ito, kung ano ang Kaniyang ipinangako sa araw na ito. Tulad din naman ng sila ay kailangang pumasok sa daong, upang maligtas; lumabas sa Egipto upang maligtas; kailangang pumasok sila kay Cristo, upang maligtas ngayon, sa Mensahe ng Salita, na Siya'y tulad kahapon, ngayon, at magpakailan man.

92 Paano kayo makapapasok Dito? sa pamamagitan ng bautismo! Baustismo ng ano, tubig? Nang Banal na Espiritu! "Isang Espiritu, nabautismuhan tayong lahat dito sa isang Katawan."

93 At ang Kaniyang ipinangakong Salita, hindi Siya. . . Hindi na ninyo kailangang ipaliwanag Ito. Ipaliliwanag Niya Ito sa pamamagitan ninyo; kung ano ang inyong ginagawa, kung ano ang Kaniyang ipinangakong gagawin. Ang Iglesya na sumusunod sa Kaniya ay magiging kahawig na kahawig Niya hanggang sa malaman ng mga tao.

Masdan si Pedro at si Juan noong tanungin sila tungkol sa pagpapagaling ng isang tao sa pintuang tinatawag na Maganda. Kanilang sinabi, "Natuklasan nila," ang mga paring iyon ang nakatuklas, "na kapuwa sila mangmang at hindi aral na kalalakihan," ngunit napapansin nila na naging nakasama sila ni Jesus. Sapagkat, (ano?) ginagawa nila ang mga bagay na Kaniyang ginawa.

94 Kailangang Niyang maglumagak sa gawain ng Ama. At sa araw na ito dapat ganoon din ito.

95 Ngayon, alalahanin, Siya'y tulad rin kahapon, ngayon, at magpakailan man; sapagkat kinakatagpo kayo ng Diyos sa Kaniya, ang tanging dakong naroroon; dahil iyon ay kung saan

Kaniyang pinili upang paglagyan nang Kaniyang Pangalan, kay Jesus. "Jesus" ang Pangalan ng Diyos. Alalahanin, ang Ama, Anak, Espiritu Santo, ay mga titulo sa Pangalang "Jesus Cristo."

96 Noong sinabi ni Mateo, "Magsiyaon nga kayo, at turuan ang lahat ng mga bansa, na sila'y inyong bautismuhan sa Pangalan ng Ama, at ng Anak, at ng Banal na Espiritu."

Kung paano ito'y hindi naunawaan sa ngayon, at ang sabi, "Sa pangalan ng Ama, sa pangalan ng Anak, sa pangalan ng Banal na Espiritu." Ito'y hindi man lang nakasulat. Ito'y, "Sa Pangalan," isahan, "ng Ama, Anak, Banal na Espiritu." Ang *Ama* ay hindi isang pangalan, ang *Anak* ay hindi isang pangalan, *Banal na Espiritu* ay hindi isang pangalan; ito'y isang titulo.

Pagkaraan ng sampung araw, tumayo si Pedro at nagsabi, "Mangagsisi, ang bawat isa sa inyo, at magpabautismo sa Pangalan ni Jesus Cristo." Kung gayon ginawa ba niya kung ano ang sinabi Niya sa kaniyang huwag gawin? Ginawa niya ang sinabi Niya sa kaniyang dapat gawin. Ang Pangalan ng Ama, Anak, at Espiritu Santo ay "ang Panginoong Jesus Cristo." Bawat tao sa Bagong Tipan ay binautismuhan sa Pangalan ng Panginoong Jesus Cristo.

97 Wala ni isa mang tao sa Biblia na binautismuhan sa mga titulo ng Ama, Anak, Espiritu Santo. Hindi iyon nangyari hanggang sa pairalin ang kredo ng Nicaea sa Nicaea, Roma. Ito'y kautosan ng iglesyang Katoliko, itinatag, pinagtibay ang bagay na iyon, sa katekismo. Mayroon ako nito, iyo'y tama, *Mga katibayan Ng Aming Pananampalataya*, at iba pa, iyon ay tiyak na isang kredo ng Katoliko Romano. Sasabihin nila sa iyo na ito'y wala sa Biblia; bagkus kanilang sasabihing mayroon silang kapangyarihang palitan itong mga Salita, kung nanaisin nila, dahil sa papa. Naiiba ako.

Si Jesus Cristo ay tulad kahapon, ngayon, at magpakailan man. "At sinuman ang mag—aalis ng isang Salita mula sa Bibliang ito," sinabi ni Jesus, "o magdagdag ng isang salita Dito, ang kaniyang bahagi ay aalisin sa Aklat ng Buhay." Isang Salita; hindi isang pangungusap, o isang talataan, kundi isang Salita! "Sinuman ang mag—aalis ng isang Salita . . . "

98 Sa pasimula, pinatibay ng Diyos ang Kaniyang bayan sa pamamagitan ng Kaniyang Salita. Isang Salita, na maipamali, ay naging sanhi ng bawat kamatayan, bawat pighati, bawat kalungkutan. Si Eva, siya'y hindi nagsuway ang isang pangungusap; sinuway niya ang isang Salita. Nang si Jesus dumating sa kalagitnaan ng Aklat . . . Iyon ang unahan ng Aklat.

Nang si Jesus dumating sa kalagitnaan nang Aklat, anong Kaniyang sinabi? "Nakasulat na na ang tao ay hindi nabubuhay sa tinapay lamang, kundi sa bawat Salitang lumalabas sa bibig ng Diyos."

Sa hulihan ng Aklat, sa Apocalipsis ang ika—22 kabanata, ang ika—18 talata, ang pinakahuling bahagi ng Biblia, si Jesus nagsalita Siya Mismo, sinabi, "Aking pinatotohanan na kung ang sinoman ay mag—alis ng isang Salita mula sa Aklat na ito, o magdagdag ng isang salita Dito, ang kaniyang bahagi ay aalisin sa Aklat ng Buhay," sapagkat siya'y isang bulaang propeta at iniligaw ang mga tao, at ang kanilang dugo ay maging pananagutan niya sa kaniyang kamay, sa paggawa nito.

99 Ating dapat ingatan iyong isang dakong sambahan, iyon ay, kay Jesus Cristo ang Salita, ang siya ring kahapon, ngayon, at magpakailan man. Amen. Tumpak. Tandaan, wala nang iba pang dakong tagpuan upang sumamba, walang dako. Diyos ang pumili Nito.

100 Si Juan, noon pa sa dugtungan ng pagitan ng Bago at Lumang Tipan. Makinig mabuti ngayon. Pansining mabuti. Si Juan, ang dakilang agilang iyon, dumating na lumilipad mula sa ilang isang araw, ang kaniyang malalakas na mga bagwis ay nakabuka. Siya'y nag—iilaw sa sa pampangin ng Jordan, isang dakilang agilang propeta na nagtulay ng daan sa pagitan nang Luma at Bagong Tipan, at Siya'y tumawag sa kanila mula sa kanan at kaliwa. Siya'y tumatawag sa araw ng pagsisisi.

Kung saan lumalabas ang mga Fariseo at Saduceo; Kaniyang sinabi, "Huwag simulang sabihin sa loob ng inyong mga sarili, 'Kami'y may Abraham na aming ama, 'pagkat aking sinasabi sa inyo ang Diyos ay kayang sa mga batong ito na lumikha ng mga anak para kay Abraham." Oh, naku!

Nang siya'y magsimula ng ipahayag ang kaniyang Ebanghelyo, at magsabing, "May Isang tumatayo sa kalagitnaan ninyo, Na hindi ninyo nakikilala. Hindi ko pa Siya nakikilala, ngunit makikilala ko Siya kapag Siya'y dumating na. Hindi ako karapat dapat magkalag nang Kaniyang pangyapak. Subalit Siya ang sa inyo'y magbabautismo sa Banal na Espiritu at Apoy. At ang Kanyang kalaykay ay nasa Kaniyang kamay; Kanyang lubosang linisin ang Kaniyang giikan, at Kanyang sunugin ang dayami sa Apoy na hindi namamatay."

101 Ang dakilang Ebanghelyong agilang iyon na nakaupo doon, habang isinisigaw niya ang kaniyang malaking mga pagbabanta. At ang dumi ay lumabas, o si Herodes, ang emperador sa panahong iyon, ang tagapagproklama, na inasawa ang asawa ng kaniyang kapatid. At maiisip nyo ba na ang malaking Ebanghelyong agila na nakaupo doon at nananatiling mahinahon sa bagay na iyon?

Ilan sa kanila ang nagsabi, "Huwag kang mangaral tungkol sa kasal at diborsiyo ngayon, Juan, 'pagkat naroo't nakaupo si Herodes."

102 Siya'y lumapit mismo sa kaniyang harapan at sinabi, "Ito'y hindi makatarungan para sa iyo na angkinin siya." Tama!

Ano, siya, ito nga ba? Siya ang agilang iyon na mula sa ilang. Hindi siya sinanay sa ilalim ng mga pananakot at mga pagbabanta ng tao, ng ilang denominasyon. Kundi siya'y sinanay sa ilalim ng Makapangyarihang Diyos na Makapangyarihan sa lahat, upang malaman kung ano ang mangyari doon. Kanyang alam ang pagkakakilanlan ng Mesiyas.

Aleluya! Ang salita ay nangangahulugang, "Purihin ang ating Diyos!" Huwag kayong matakot. Ako'y wala pa namang sinaktan. Akoy'y hindi nagagalit. Alam kong mabuti kung nasaan ako.

Oh, kapag iniisip ko siya, ang malaking agilang lumilipad doon at umupo! Kaniyang sinabi, "aking makikilala Siya kapag Siya ay dumating."

103 Isang araw siya ay nakatayo roon, nangangaral. Ang mga pari ay nasa kabilang panig, sinabi, "Ibig mong sabihin darating ang panahon na ang pang—araw—araw na pag—aalay ay aalisin; ang malaking templong ito na aming itinayo, at lahat ng mga gawa na aming inilagay, kaming malalaking denominasyon?"

Kaniyang sinabi, "Darating ang panahon na ang lahat ng iyon ay aalisin."

"Ito'y hindi maaari. Ika'y isang bulaang propeta!"

104 At tumingin siya sa paligid. Kaniyang sinabi, "Narito, hayun Siya! Hayun ang dakong sambahang pinili ng Diyos. Naroon ang Kordero, ang totoong Kordero na nag—aalis ng kasalanan ng sanlibutan." Siya'y hindi nagsabing, "Narito dumarating ang Metodista, narito dumarating ang Baptist, o ang Katoliko." Kaniyang sinabi, "Narito dumarating ang Kordero ng Diyos na nag—aalis ng kasalanan ng sanlibutan."

Ang tanging ligtas na dako na naroon ay nasa Kordero ng Diyos na iyon lamang. Nasa Kaniya lamang ang kaligtasan; hindi sa alinmang iglesya, anumang kredo, sinumang tao, sinumang ama, sinumang ina, sinumang banal na tao, o wala, banal na dako. Ito'y nasa Banal na Diyos, ang Panginoong Jesus Cristo, kung saan ang Diyos inilagay ang Kaniyang Pangalan sa isang Tao, para sa katubusan, Na nagbayad ng halaga para sa atin na mga makasalanan. Iyon lang ang tanging dako na mayroong kaligtasan. Iyan ang Bato na aking kinatatayuan.

105 Si Juan nakilala Siya. Kaniyang sinabi, "Ako'y hindi nakakilala sa Kanya ng aking nakitang Siya'y dumarating, datapuwat mula doon kung saan aking natanggap and pag—aaral. . . " Hindi sa seminaryo tulad nang ginawa ng kaniyang ama; hindi bilang isang pari, na sinanay. Kundi sa ilang, kung saan siya ay nasa Teo—lohikang seminaryo ng Diyos na Makapangyarihan sa lahat, naghihintay sa Salita ng Diyos; hindi sa kung anong pinisa ng ilang grupo ng tao, kundi sa kung ano ang sinabi nang Diyos tungkol Dito. At nang tumingala

si Juan at nakita ang Espiritu na bumababa, kaniyang sinabi, “Patutunayan ko, Siya nga ito.” Oh, naku!

Hayun ang inyong dakong sambahan. Hayun ang inyong kublihang dako. Hayun ang Kordero ng Diyos na nag—aalis ng kasalanan ng sanlibutan. Ni walang iglesya, walang kredo, o kahit anupaman, kundi ang Kordero ng Diyos na nag—aalis ng kasalanan ng sanlibutan.

106 Kita ninyo kung paano ni Juan ipinuwesto ito? Hindi niya sinabing, “Kayong mga Fariseo ay tama, kayong mga Saduceo, mga tagasunod ni Herodes.” Kaniyang sinabi, “Hayun ang Kordero.” Iyon ang dako. Siya’y mayroong Pangalan. Siya yaong Isa. Walang ibang Pangalan sa silong ng Langit!

107 Masdan kung ano ang sinabi ni Jesus tungkol kay Juan ngayon. Isang araw si Juan ay isinugo sa Kaniya, para makita kung ano ang Kaniyang ginagawa. Si Jesus ay nagsabi patungkol sa kaniya, “Siya ang dakila at nagniningning na liwanag,” upang ipakita sa kanila ang tamang daan na kanilang dapat sundan bago ang Kaniyang pagdating, ang Kaniyang unang pagdating. Makinig mabuti. Huwag palampasin ito. Si Jesus nagsabi, “Si Juan ang liwanag na iyon.” Malakias 3, walang pagkakamali! Ang propeta na may dakila’t nagniningning na liwanag ay nakilala si Jesus bilang ang tanging Isa, “ang Kordero.” Lahat ng iba pang mga kordero na sinasabi silang mga paring iyon, at lahat ng iba pang mga bagay na iyon, ay kahangalan. Heto “ang Kordero!” Ang tao na may dakila’t nagniningning na liwanag, na sinabi ni Jesus tungkol sa kaniya.

Sinabi ng Malakias 3, “Aking pinapadala and Aking sugo mismo sa Aking harap upang maghanda ng daan.” At yaong isa na isinugo upang ihanda ang daan, ay nakilalang Siya ang dako. “Iyo’y Siya nga! Walang pagkakamali. Iyo’y Siya nga! Nakikita ko ang tanda na sumusunod sa Kaniya. Aking alam na Siya nga iyon; isang Liwanag na bumababa mula sa Langit at papunta sa Kaniya.” Positibo ito, iyon ay Siya nga.

108 Kung gayon, aking kapatid, nais kong tanungin ka ng isang bagay, sa pagtatapos. Maaari nating sabihin ito. Sa Malakias 4, hindi ba’t tayo’y pinangakuan din ng isa pang agila, isang Haliging Liwanag na susunod, upang ipakita sa nagkakamaling iglesya sa araw na ito na Siya ang Hebreo 13:8, “siya ring kahapon, ngayon, at magpakailan man”? Hindi ba’t tayo’y pinangakuan din ng isa pang darating na lumilipad mula sa ilang? Amen! Iyon ang talagang Katotohanan. Gaano ito ka—akma at katugma sa Lucas 17:30, kung saan ang Anak ng tao (Agila) ay maghahayag ng Kaniyang Sarili upang dalhin sa walang kabuluhan ang lahat ng iba pang mga dakong sambahan, tulad ng mga denominasyon at iba pa!

Ang Diyos and pumili ng Kaniyang dako. Sinabi ni Juan, “Hayun na nga Ito!”

109 At gayon din tayo'y pinangakuan ng ganoon din sa araw na ito, sa Malakias 4, "Upang ibaling ang puso ng mga anak pabalik," upang sabihing hindi Siya patay, ang mga bagay na ito ay hindi para sa ibang kapanahunan; ang bautismo sa Pangalan ni Jesus ay hindi lang para noong una, kundi Siya ay tulad din ngayon. Amen. Upang dalhin sa kawalan ang lahat ng iba pang mga dakong sambahan, iyan ang gagawin ng huling—araw na agila, upang ipakita na ang lahat ng mga nalalabi pa nito ay kahangalan, ang denominasyon ay kahangalan, at upang ituro sa kanilang muli sa pamamagitan ng ganoon ding tanda na kaniyang ginawa, na Siya'y tulad din kahapon, ngayon at magpakailan man. Aleluya!

110 Gayon din, sa Apocalipsis 4:7, tayo'y mayroong apat na mga hayop ating natapos pa lamang.

Yaon una, na ating nalaman, ay ang leon. Iyon ang unang hayop na sumulong upang harapin ang hamon ng araw na iyon, ang Leon ng Angkan ni Juda.

Pagkatapos Niya ay dumating ang sumunod na hayop. At ating nalaman, na ang sumusunod na hayop ay isang baka, na isang hayop ng kahirapan, isang pag—aalay. Sa mga araw ng Romanong katedral, ang Iglesya ay namatay; pag—aalay.

Ang sumunod na dumating, ay isang tao, ay isang hayop na may anyo ng isang tao. At ang taong iyon ay ang mga repormista, ang pinag—aralan ng tao, teolohiya, at iba pa.

Subalit ang huling hayop na lilipad, ang huling hayop na darating, ang sabi ng Biblia ito ay isang lumilipad na agila. Aleluya! At ang propeta ay nagsabi, sa araw na ito, "Ito ay maging Liwanag." Oh naku! "Sa araw na iyon ay ang magkakaroon ng Liwanag."

111 Nagkaroon na ng araw ng mga repormista. Nagkaroon na ng isang araw na parang isang anino lamang, hindi matawag na araw o gabi. Ngunit sa oras ng gabi, sa panahon ng Agila:

Ito'y maging Liwanag halos sa oras ng panahon ng Agila,
Ang daan tungo sa Kaluwalhatian ay iyong tiyak masusumpungan;
Sa landas ng tubig ay ang Liwanag ngayon,
Inilibing sa pinakamamahal na Pangalan ni Jesus.

Bata at matanda, magsisi sa lahat ng inyong mga kasalanan,
Ang Banal na Espiritu ay tiyak na kayo'y babautismuhan;
Sapagkat ang panggabing mga Liwanag ay dumating,
Ito ay isang katotohanan na ang Diyos at si Cristo ay Iisa.

112 Amen! Ito'y maging Liwanag sa oras ng gabi, ang tanging dakong sambahan na pinili ng Diyos. Oh, ano ang tinutumbok ng Mensaheng ito, ano ang Kaniyang gagawin? At sa kaniyang araw ito'y maging Liwanag sa oras ng gabi, at (ano?) upang tanggaping magiliw ang Kaniyang mga anak pabalik ng tahanan sa totoong ipinangakong Lupa, sa kaparehong tanda ng Haliging Apoy na gumabay sa mga anak ng Israel patawid doon sa ilang.

Ang pinili ng Diyos na dakong sambahan, ay si Jesus Cristo. Iyon lang ang tanging dakong naroroon. Iyon lang ang tanging Pangalan na mayroon ang Diyos para sa kaligtasan. Ito ang Kaniyang ipinangalan sa sambahayan sa Langit, noong ito'y nasa lupa, ay Jesus Cristo.

113 O iglesya, O mga tao, makasalanang kaibigang, huwag magtiwala sa kahit ano pa man maliban kay Jesus Cristo. Huwag magtiwala sa sinumang mangangaral. Huwag magtiwala sa sino pa man upang iligtas kayo. Huwag magtiwala sa alinmang iglesya, anumang kredo, alinmang denominasyon. Magtiwala lamang kay Jesus Cristo, dahil Siya ang Liwanag sa oras na ito.

Iyuko natin ang ating mga ulo.

> Ito'y maging Liwanag halos sa oras sa panahon ng gabi.
> Ang daan tungo sa Kaluwalhatian ay iyong tiyak masusumpungan;
> Sa landas ng tubig ay ang Liwanag ngayon,
> Inilibing sa pinakamamahal na Pangalan ni Jesus.
>
> Bata at matanda, magsisi ng lahat ng inyong kasalanan,
> Ang Banal na Espiritu ay tiyak na papasok na;
> Ang panggabing Liwanag ay dumating,
> Ito ay ang katotohanan na ang Diyos at si Cristo ay Iisa.

114 Oh, kapatid na lalaki, kapatid na babae, kung hindi ka pa nakapagsisi, kung hindi ka pa nababautismuhan sa Pangalan ni Jesus Cristo, maaari mo bang umpisahan iyon ngayong gabi? Maaari mo bang bigyan ng pagkakataon ang Diyos na tanggapin ka nang magiliw sa dako kung saan maaari mo Siyang sambahin? Tandaan, sa labas niyon, wala ng dako na ipinangako ang Diyos para katagpuin kayo at tanggapin ang inyong pagsamba.

115 Sasabihin mo, "Kapatid na Branham, ako'y sumasamba naman nang matapat!" Ganoon din si Cain. Siya'y gumawa ng bawat uri ng pag—aalay na ginawa ni Abel, subalit iyon ay maling pag—aalay. Ikaw ay maaaring kang pumunta sa simbahan, at magbigay ng iyong ikapu, at gawin ang iyong katungkulan bilang isang marapat na Kristiyano, na kasing—tapat ng sinumang lalaki o babae.

Tumayo na ako dito ngayon humigit—kumulang tatlumpung taon, sa palibot ng lungsod dito, at nagsisigaw ng ito pa ring Mensahe. Tumatanda na ako. Ako'y hindi na makakasama sa inyo nang matagal pa. Subalit alalahanin, sa Araw ng Paghuhukom, ang aking tinig ay nakatala, at ito'y mangungusap laban sa inyo.

116 May isang dako lamang na ang Diyos ay inilagay ang Kaniyang Pangalan, at iyo'y hindi sa isang iglesya, kundi kay Jesus. May isa lamang dakong sambahan, isang dako lamang na kayo ay tinanggap, at iyon ay sa Minamamahal, si Jesus Cristo. "Walang ibang pangalan sa silong ng Langit, na ibinigay sa mga tao, na sukat ikaligtas," walang iglesya, walang kredo, talagang wala. Si Jesus Cristo!

At iyo'y nararapat na maging Mensahe ng oras na ito, "Upang papanumbalikin ang puso ng mga anak, pabalik sa Pananampalataya na minsan nang ibinigay sa mga banal." Di n'yo ba tatanggapin Ito ngayong gabi?

At habang nakayuko ang ating mga ulo.

117 At doon sa mga nagnanais na maalala sa panalangin, mangyari itaas lamang ninyo ang inyong mga kamay. Hindi tayo makagagawa ng isang pananawagan sa altar, sapagkat ito'y lubhang napakarami. Pagpalain kayo ng Diyos. Naku! Sa aking kaliwa, sa palagay ko ay mga tatlong daan.

118 Ngayon sa aking kanan, pakitaas ang inyong mga kamay, sabihing, "nais kong maalaala." Sa palagay ko ay may isang daan at limampu, o mahigit pa, sa aking kanan.

Tayo'y may isang tabernakulo dito na may isang malaking bautisteryo; isang pastor, isang mahusay na pastor, si Kapatid na Orman Neville, mga kasamahan, ang mga taong nasa paligid dito na inyong nakikita at nakakasalamuha. Araw—araw, gabi—gabi, oras—oras, ang mga taong nagnanais na mabautismuhan, na nagsisi, ito'y laging naghihintay. At kung iyong susundin ang utos na iyon, nakatitiyak ka, sa isang pangako ng Diyos, kung ika'y matapat sa iyong puso, na tanggapin ang bautismo ng Banal na Espiritu.

119 Mayroon lang isang dakong sambahan. Ngayon, iyon ay wala sa tabernakulo. Iyo'y na kay Cristo. Paano tayo makapapasok sa Kaniya? "Sa pamamagitan ng isang Espiritu tayong lahat ay nabautismuhan sa isang Katawang ito."

Tayo'y manalangin.

120 Mahal na Diyos, habang ang mga kamay na ito ay nakataas, kanilang ipinakilala kung ano ang nasa ilalim ng kamay na iyon sa puso, isang pananalig na nakatitiyak silang kailangan nila ang tulong mula sa Iyo. Ako'y dumadalangin para bawat isa sa kanila, Ama. At aking uulitin ang Iyong Salita. Iyong Sinabing, "Siyang nakikinig ng Aking Salita, at sumasampalataya sa

Kaniya na nagsugo sa Akin, ay may Buhay na walang hanggan, at hindi na makarating sa kahatolan; kundi nakatawid na mula sa kamatayan tungo sa Buhay."

Ama, bilang nawala sa lungsod ng ilang linggo, bumalik nagtanong, "Patungkol dito sa isa?"

"Bakit, sila'y nangawala."

"Buweno, paano kaya . . . "

"Sila'y nangawala."

121 Mahal na Diyos, isa—isa kaming tinatawag, isa—isa kaming dapat humarap sa hamon upang lumakad patawid sa lambak ng anino ng kamatayan. At ito'y nakatakda sa bawat isa sa amin, bilang mga mortal. Subalit, ngayong gabi, inialok Mo sa amin ang Iyong kahilingan, na kapag kami ay sasampalataya sa Kaniya at mabautismuhan sa Kaniyang Pangalan, Ikaw ay tatanggap sa amin. At saka sa Katawang ito, ang Katawan ni Cristo, hindi sa simbahan; kundi sa Katawan ni Cristo, ang Katawang iyon ay nahatulan na. Ito'y hindi na darating pa sa Paghatol. Ang Diyos ay ibinuhos ang Kaniyang poot sa katawang iyon, at ang katawang iyon ay pinalaya mula sa kasalanan; at, bilang nasa Kaniya, inilagay tayong malaya mula sa kasalanan, sa pamamagitan ng Kaniyang Pagbabayad—puri na namatay dahil sa atin. At dahil doon tayo'y mayroong pakikipag—ugnayan sa isa't—isa, samantalang ang Dugo ni Jesus Cristo, ang Anak ng Diyos, ay pinapanatili tayong malinis mula sa lahat ng kasalanan at karumihan.

122 Ama, Diyos, ako'y dumadalangin ko na dadalhin Mo ang bawat isa sa kanila sa Iyong Kaharian. Ipagkaloob ito, Diyos. Nawa'y walang isa man sa kanila ang mapahamak; nawa'y walang isang batang lalaki o batang babae, lalaki o babae. Panginoon, ilan sa aking sariling mga tao ay nakaupo rito, ngayong gabi, na labas sa ilalim ng Dugong iyon. Gaano ko lubos na naaalala ang mga salita ng aking tatay! At idinadalangin ko, Mahal na Diyos, na wala sa kanilang mawawala. Ipagkaloob ito, Panginoon. Ako'y sumasampalataya sa Iyo ngayon, sa lahat ng aking dapat pananampalatayanan.

123 Kumilos sa aking mga kapatid na lalaki, mga kapatid na babae, aking mga kaibigan, dito sa dakong ito ngayong gabi at doon sa labas sa pamamagitan ng telepono. Maraming iba't—ibang mga estado na nakikinig, magmula sa Silangang baybayin hanggang sa Kanluran. Aking idinadalangin, Mahal na Diyos, pababa sa kabilang panig ng mga disyerto doon sa Tucson, doon sa California, doon sa Nevada at Idaho, sa daang tungo sa Silangan at sa paligid, pababa sa Texas; habang ang paanyayang ito ay ipinagkakaloob, ang mga taong nakaupo sa—sa maliliit na mga simbahan, sa mga gasolinahan, mga tahanan, na nakikinig. O Diyos, nawa ang naligaw na lalaki o babae, batang lalaki o batang babae, sa oras na ito, ay lumapit sa Iyo. Ipagkaloob na ito

ngayon. Aming hinihiling ito sa Pangalan ni Jesus, na kanilang matagpuan itong ligtas na dako habang may oras pa.

Kapag, aming nakikita ang sulat—kamay sa dingding, ang mundo ay natatakot, ang oras ng pagliligtas ay malapit na. Ang bahagi ng ating bansa ay lumulubog, ang ibang bahagi ay gumigiwang—giwang at sumasabog kasama ng mga lindol, gaya nang ipinangako ni Jesus na mangyayari. Huwag itong hayaang tumagal sa kanila, Panginoon. Nawa'y kanilang tanggapin ito ngayon, sapagkat aming ibinibigay sila sa Iyo bilang mga tropeo ng kapulungan, ng Ebanghelyo, sa Pangalan ni Jesus. Amen.

124 Kayo ba'y naniniwala sa Kanya? Pagpalain kayo ng Diyos. Ilan ang naniniwalang iyon ang Katotohanan, sa aking kaliwa, itaas ang inyong kamay. Ilan sa bandang kanan, itaas ang inyong kamay. Pagpalain kayo ng Diyos. Sa abot ng aking makita, lahat. Iyo'y Katotohanan, mga kaibigan. Alam ng Diyos na iyo'y totoo.

125 Ngayon habang nasa Kaniya, at bilang nasa Kaniya, may daanan kayo sa lahat ng bagay na naging dahilan ng Kaniyang kamatayan. At ano ang dahilan bakit Siya namatay? "Siya ay nasugatan dahil sa ating mga pagsalangsang, nabugbog dahil sa ating kasamaan; ang kaparusahan patungkol sa ating kapayapaan ay nasa Kaniya, at sa Kaniyang mga latay ay nagsigaling tayo." Pinaniniwalaan ba ninyo iyon? Naniniwala ba kayo sa Kaniyang pagbabayad—puri para sa pagpapagaling ngayon?

126 Mayroon bang maysakit sa isa sa atin? Hayaang itaas nila ang kanilang mga kamay, kanan o kaliwa. Napakaraming mga pulutong ng karamdaman. Hindi ko matatawag ang pagpila. Nakikita ninyo, hindi ko pa . . . hindi makapapanhik sa entablado. Walang paraan upang gawin nito.

Sila'y nagdaraos ng mga pagdarasal na kapulungan doon sa ibang mga lugar, para sa mga maysakit, sa mga iglesya at mga bagay bagay, sa tabernakulo.

Ako'y magtatanong sa inyo ng isang bagay. Ilang mananampalataya ang narito? Itaas ang inyong kamay. Mabuti. Uulitin ko sa inyo ang Salita, na si Cristo. Ang huling tagubilin ni Jesus sa mundo, at sa Iglesya, pala, Kaniyang sinabi ito, "Ang mga tanda na ito ay susunod sa kanila na sumasampalataya; kung ipapatong nila ang kanilang mga kamay sa maysakit, sila ay magsisigaling." Ilan ang nakaaalam na iyo'y totoo, sa Marcos 16, sabihin, "Amen." [Ang kongregasyon ay nagsabing, "Amen."—Pat.] Mabuti. Hinihiling ko sa inyo bilang mga mananampalataya na ipatong ang inyong mga kamay sa taong nasa harap ninyo. Ipatong lamang ang inyong mga kamay sa taong nasa inyong harapan, at hayaang manalangin ang bawat isa ng isang panalangin para sa isa't—isa ngayon. Ipatong ang inyong mga kamay sa isang tao na nasa paligid ninyo.

127 Panginoon, narito sa harapan ko ay isang kahong mga panyolito, maliliit na piraso ng mga gamit; ilang matatandang ina na nakahiga sa kung saan, nag—aagaw—buhay, isang sanggol na malapit nang mamatay, mga maysakit na mga tao kung saan—saan. Aming nabasa sa Biblia na kanilang kinuha mula sa katawan ni Pablo ang mga panyolito at mga apron, at ang mga ito ay kanilang inilagay sa mga maysakit; at ang mga masasamang espiritu, at maruruming mga espiritu, at mga karamdaman, at mga sakit, ay lumisan sa mga tao. Ngayon, Panginoon, aming alam na hindi kami si San Pablo, subalit aming alam na Ikaw ay nananatili pa ring si Jesus, ang tanging inilaan—ng Diyos na dakong sambahan. At ngayon, sa araw na ito, ang mga taong ito ay nagtapat ng kanilang iisang pananampalataya, na sumasampalatayang tulad ng ginawa ng mga taong yaon. Tiyakang Ikaw ay gumawa ng daan para sa kanila! At aking pinapatong ang aking mga kamay sa ibabaw ng mga panyolitong ito at humihiling na lumisan ang mga karamdaman at mga pagdadalamhati sa mga katawan ng mga tao at ang mga ito ay ipapatong sa Pangalan ni Jesus Cristo.

128 Ngayon, tayo'y tinuruan, na ng ang Israel ay papalabas sa Egipto, sa hanay ng katungkulan, sila ay nasa kanilang daan tungo sa lupang pangako. Ang Mapulang Dagat ay nasa kanilang daraanan. At ang Diyos ay nakamasid sa pamamagitan ng Haliging Apoy, at ang dagat ay natakot, nahawi, at hinayaang makaraan ang Israel tungo sa ipinangakong lupa. O Diyos, pagmasdan sa pamamagitan ng Dugo ni Jesus, ngayong gabi, at nawa'y mahawi ang karamdaman, at mapalayas si Satanas. At nawa'y ang mga tao ay makaraan sa pangakong iyon ng mabuting kalusugan at kalakasan, na ang Diyos ay nagsabi, "Higit sa lahat ng bagay, aking hangad na kayo'y sumagana."

129 Ngayon samantalang nakikita Mo riyan, Panginoong Jesus, ang mga kamay ng mga taong ito na nakapatong sa isa't—isa, kanilang sinasagisag ang kanilang pananampalataya, na Iyong sinabi, "Ang mga tandang ito ay lalakip sa kanila na sumasampalataya." Sila'y nananalangin sa kanilang sariling pamamaraan, para sa isa't—isa. Ang kasunod na tao ay nananalangin para sa kanila.

130 Ngayon, Panginoon, hinarap na ang hamong ito, na si Satanas, ang malaking mandaraya, wala siyang karapatang hawakan ang anak ng Diyos. Siya ay isang talunan na nilalang. Si Jesus Cristo, ang tanging dakong sambahan, ang tanging totoong Pangalan, ang tumalo sa kaniya sa Kalbaryo. At ating inaangkin ang Kaniyang Dugo ngayon mismo, na Kaniyang tinalo ang bawat karamdaman, bawat sakit.

Aking tinatawagan si Satanas na lisanin ang mga tagapakinig na ito. Sa Pangalan ni Jesus Cristo, lumabas ka sa mga taong ito, at ng silaý maging malaya.

131 Lahat ng nagsitanggap ng kanilang kagalingan sa pamamagitan ng batayan ng nakasulat na Salita, gawin ang inyong pagpapatotoo sa pamamagitan ng pagtayo sa inyo mga paa at sabihing, "Tinatanggap ko ngayon ang aking kagalingan sa Pangalan ni Jesus Cristo." Magsipagtayo kayo sa inyong mga paa.

Papurihan ang Diyos! Hayan kayo. Masdan sa gawi rito, ang mga lumpo at mga bagay—bagay ay nagsipagtayo. Papurihan ang Diyos. Iyo'y ito. Sumampalataya lamang. Siya'y narito. Kahanga—hanga!

132 Sa labas ng mga tagapakinig, doon sa labas, sa pamamagitan ng mga kawad, dapat ninyong makita! Sa palagay ko bawat tao dito sa loob, sa abot ng aking kaalaman, o karamihan sa kanila, ay nakatayo sa oras na ito. Oh, kamangha—manghang pagkakataon! Ang Presensiya ng Panginoon, iyo'y ano! "Kung nasasaan ang Presensiya ng Panginoon, may kalayaan, mayroong kalayaan." Ang Espiritu ng Diyos ay nagpapalaya sa atin.

133 Ngayon na Siya ay nagpagaling sa atin, tayo naniniwala dito. Siya'y nagligtas sa atin; tayo'y naniniwala dito. Doon sa mga nagnanais na magpabautismo, handa na ang paglulubugan. Kahit kailan, anumang oras na naisin ninyong pumarito, mayroong isang mag—aasikaso sa inyo rito.

At ngayon sa palagay ko, bago tayo magtapos, tayo'y kailangang umawit ng isang lumang himno ng simbahan. "I love Him, I love Him because He first loved me." Itaas ang ating mga kamay sa Diyos at awitin ito nang ating buong puso!

Nais naming makatagpo kayo dito sa umaga, ika—siyam at kalahati, sa gusali ring ito, para sa paksang *Kasal At Diborsiyo*. Buweno.

Ating awitin ito ngayon nang sabay—sabay.

I love Him,

Hayaang awitin iyon ngayon mahuhusay na mga tagapakinig na ito! Sa mga nasa mga linya, awitin ito, rin.

Because He first loved me
And purchase my salvation
On Calvary's tree.

134 Saan ito ginawa? Sa puno ng Kalbaryo. Habang inaawit natin itong muli, nais kong makipagkamay kayo sa sinuman sa paligid ninyo, sabihin, "Pagpalain ka ng Diyos, manlalakbay."

I. . .

[Nakikipagkamay si Kapatid na Branham sa kapatiran—Pat.]

Because He first . . .
And purchased my salvation
On . . .

135 Oh, hindi ba mahal n'yo Siya? [Ang kongregasyon ay nagsabi, "Amen."—Pat.] Di ba't Siya'y ang kahanga—hanga? ["Amen."] Siya ba'y iyong Kublihang Dako? ["Amen."] Siya'y isang Bato sa isang pagal na lupa, isang Kublihan sa panahon ng unos, ang tanging Kanlungang aking nalalaman. Dahil doon:

My faith looks up to Thee,
Thou Lamb of Calvary,
Savior Divine;
Now Hear me while I pray,
Take all my guilt away,
Let me from this day
Be wholly Thine!

Itaas natin ang ating mga kamay habang inaawit natin ito.

My faith looks up to Thee,
Thou Lamb of Calvary,
Savior Divine;
Now Hear me while I pray,
Take all my sin away,
O let me from this day Be wholly Thine!

Iyuko natin ang ating mga ulo ngayon habang inihihiging ito.

While life's dark maze I tread,
And grief around me spread,
Be Thou my Guide;
Bid darkness turn to day,
Wipe sorrow's tears away,
Nor let me ever stray
From Thee aside.

Habang nakayuko ang inyong ulo, ang ating minamahal na mangangaral, si Kapatid na Orman Neville, ay pauuwiin ang mga tagapakinig.

*ANG PINILI NG DIYOS NA DAKONG SAMBAHAN* TAG65-0220
(God's Chosen Place Of Worship)

Ang Mensaheng ito ni Kapatid na William Marrion Branham, orihinal na ipinangaral sa Ingles noong Sabado ng gabi, Pebrero 20, 1965 sa Parkview Junior High School sa Jeffersonville, Indiana, U.S.A., ay hinango mula sa magnetikong teyp rekording at inilimbag na walang pagbabago sa Ingles. Itong Tagalog na salin ay inilathala at ipinamamahagi ng Voice of God Recordings. Muling inilathala noong 2010.

TAGALOG

©2006 VGR, ALL RIGHTS RESERVED

VOICE OF GOD RECORDINGS
P.O. BOX 950, JEFFERSONVILLE, INDIANA 47131 U.S.A.
www.branham.org

## Abiso Ukol Sa Karapatang Maglathala

Ang lahat ng karapatang maglathala ay saklaw ng may-ari lamang. Ang aklat na ito ay maaaring i-print sa home printer para sa personal na gamit o maipamahagi sa iba, nang walang bayad, upang magamit sa pagpapalaganap ng Ebanghelyo ni Jesus Cristo. Ang aklat na ito ay hindi maaaring ibenta, kopyahin nang maramihan, i-post sa website, i-store sa retrieval system, isalin sa ibang wika, o gamitin upang manghingi ng pondo nang walang inilalabas na kasulatang nagpapahintulot galing sa Voice Of God Recordings®.

Para sa karagdagang impormasyon o para sa iba pang ipinamamahaging materyales, kontakin lamang ang:



VOICE OF GOD RECORDINGS
P.O. BOX 950, JEFFERSONVILLE, INDIANA 47131 U.S.A.
www.branham.org